Tagalog
60-1211E

# Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Laodicea

Laodicean Church Age

December 11, 1960
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

# Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Laodicea

1 Ay, hindi niya tinapos 'yun. Sabi ko, "Nahuli ako sa kasal ko, nahuli ako nang kaunti sa aking kapangakan, medyo nahuli sa aking kasal, kung maaari lang sanang mahuli ako sa aking libing." Diyan ko talaga gustong mahuli, mahuli nang husto.

2 Hindi, dahil iyon sa mga tawag sa telepono sa bahay; halos di ako makaalis, at pagkaalis nila at ng aking maybahay nang maaga, sadyang napakarami ko pang kinailangang gawin. At ang mga taong galing sa iba't-ibang lugar, nananalangin, at pumapasok pa lamang ngayon; dumating ang kapahayagan ng Panginoon para sa isang kapatid na lalaki, at isang kapatid na babaeng maysakit na nakatayo roon sa likuran; alam n'yo na ang ibig kong sabihin; sadyang wala itong tigil. At ni hindi ko na nakamayan ang ilan sa mga kaibigan ko ritong galing pa sa Georgia, at iba't-ibang dako, sa Canada. Sadyang masama ang loob ko na hindi ko kayo nakamayan.

3 At, siyanga pala, nasaan si Fred ngayong gabi, si Fred Sothmann? Fred, naaalala mo ba yung pagkakataong tumawag ka sa akin mula sa Canada, papunta ka rito, at sinabi ko sa'yo na huwag kang magkotse? Nagpunta ka pa rin; nabangga siya, halos mawasak ang kaniyang kotse, muntik nang mamatay ang kaniyang asawa, ang kaniyang pamilya, at nabali ang ilong niya, at naratay silang lahat sa ospital.

4 Kani-kanina lang nang papaalis ako, katanghaliang-tapat, nakatayo sa labas itong si Brother Ben, lumapit siya sa akin. At lumapit si Rosella; aniya, "Uuwi na ako."

Ika ko, "Rosella."

Aniya, "Anong problema, Brother Branham?"

Sabi ko, "Iba ang pakiramdam ko do'n." Kita n'yo?

Aniya, "May mangyayari ba?"

Ika ko, "Hindi ko alam. Tila may kung anong nagbabala sa akin."

5 Tinawagan niya ako limang minuto pa lamang ang nakalilipas; naaksidente siya. At, wala namang nasaktan, subalit dahil iyon sa kamay ng Panginoon. At siya'y dumausdos (mayelo ang bung norte), at nadulas siya sa Indianapolis, at nagsimulang dumausdos patawid ng kalsada nang napakabilis. At siya'y sumigaw, "O Panginoon, tulungan Mo ako." Pumihit muli ang kotse, at bumalik sa tamang linya nito, at umabante na siya nang maayos.

Humayo siya sa kalsada, at sabi niya, “Ay, ay, laking pasalamat ko na nakaligtas ako roon, dahil may iba pang mga kotse na paparating sa daang iyon, sadyang nagliliparan.” At nakatawid siya sa kalsada, at huminto siya roon upang… Paniwala ko, sa isang bagay. Huminto siya upang magkape o kung ano. At bago pa siya makalabas ng kotse, isang kotse ang bumangga sa kaniyang likuran, at isa pa likod niyon, at isa pa ulit sa likuran niyon, at nagkasala-salansan silang lahat do’n. Ngunit sabi niya’y nayanig siya ng bahagya, ngunit hindi malala, at hinangad niyang magpasalamat sa Panginoon, at tumawag at sabihin sa iglesia na pasalamatan ang Panginoon na hindi siya nasaktan o anupaman, at humiling sa iglesia na patuloy na manalangin na makauwi na siya. Mangyari kasi, bago pa lang siyang nagmamaneho; kakakuha lang niya ng kaniyang lisensya. Ka—kaya’t lubos akong nagpapasalamat.

6 Ngunit laging kapakipakinabang na makinig sa mga babala ng Panginoon. Ang sabi niya, “Buweno,” aniya, “Hindi ako nakapasok ng isang araw.” Ano ang isang araw na trabaho? Higit pa roon ang magagastos sa pagpapaayos ng likod ng sasakyan. Kita n’yo? Kaya pinakamainam na—na kayo’y maging… Manatili kayo sa Panginoon. Hindi ba tama iyon? Kung may sasabihin Siya sa atin, mainam na manatili tayo roon. Dahil lagi Siyang tama. Hindi ba? Palaging tama.

7 Ngayon, oh, naging napakaganda ng linggong ito. Hindi ko lang alam kung paano ko ihahayag ang sarili ko sa Diyos at sa inyo dahil sa napakagandang linggong ito. Ang nakaraang mga araw ang naging pinakamasayang walong araw na nangaral ako sa tanang buhay ko. Totoo iyon. Napakarami kong natutunan tungkol sa Panginoon at sa Kaniyang kahabagan, at lahat ng Kaniyang ginawa para sa atin, at upang makitang gumagawa ang Kaniyang Espiritu sa iglesia. Lubos akong nagagalak na makitang nagpapasimulang gumanang muli ang mga kaloob sa iglesia. Kita n’yo?

8 Ngayon, kapag naroon ka na, kapag nasa malaya ka, para bang may kung sinong darating at papasok, at iyon ay babahiran, alam n’yo na, bastat na lang sila magpapasimulang gumawa ng anumang bagay. At kapag winalang-galang mo ang mga kaloob na iyon, hindi ka rin igagalang ng Diyos. Kita n’yo? Tama. Kailangan mo itong isaayos. At nais nating taglayin nang may kaayusan, ang pagsasalita nila ng iba’t-ibang wika, hindi lang nag-uulit ng Kasulatan, kundi nagsasabi ng isang bagay na nagbabadyang maganap. At kung patuloy n’yo lang iyong igagalang nang husto, magpapasimula itong… Kung mawala sa kaayusan ang sinuman sa iglesia, ihahayag ito ng Espiritu

Santo at sasabihin sa kanila kung sino ito. At upang sila'y makararamdam ng pagkastigo at sila'y magtungo sa altar. Para diyan ang mga kaloob.

9 At ang makita ang pastor natin dito, si Brother Neville, isa siyang mahiyain, at kiming lalaki. At sinasabi ko sa inyo; tila ba siya ay hindi uubra pagdating sa Pentecostes. Ngunit ang makita siyang tumatayo at nagpapaliwanag ng mga wika at nanghuhula, sinasabi ko sa inyo, malayo na ang narating niya. Tama. Ipanalangin natin ang ating pastor.

10 At nakikita nating nagsisimulang dumating ang mga kaloob sa iglesia. At may isa pang mapagpakumbabang kapatid na lalaking narito, siya'y naririto, tiyak na naririto lang siya. Palagay ko'y narito siya; palagi siyang naririto. Siya'y isang lalaking napakababa ng kalooban, isa sa mga dating trustee dito sa iglesia, si Brother Higginbotham, isang mahal, at makadiyos na tao. At ang makita na tumanggap siya ng kaloob ng pagsasalita ng iba't-ibang wika, sinong mag-aakalang magagawa iyon ni Brother Higginbotham? Isang mahiyain, at kiming lalaki, ni ayaw magpakilala kahit saan, palaging nasa likuran. Ngunit kita n'yo, magagawang kumuha ng Diyos ng lalaking tulad niyon at gamitin siya (Kita n'yo?), dahil una pa lang ay ayaw n'ya nang gawin iyon. Kung ginusto niyang gawin iyon, marahil ay maging mayabang siya. Ngunit habang lumalabas na ayaw niyang gawin iyon, marahil ay magagamit siya ng Diyos nang ganun.

11 Narito si Junie, oh, natatabingan siya ng haligi sa aking paningin.

12 Sasabihin ko ito. Nakarinig na ako ng maraming tao na nagsalita ng iba't-ibang wika. At iniisip kong lahat ito'y galing sa Diyos, dahil hindi ka makagagawa ng isang tunog na walang kahulugan sa kaninuman, at kung saan man. Alam n'yo, sinasabi ng Bibliang walang anumang tunog na walang kahulugan; ibig sabihi'y walang isa mang tunog na walang kabuluhan. Hindi ka makagagawa ng anumang uri ng pagbigkas malibang ito'y may kahulugan. Madalas kong pinag-iisipan kung papaano iyon hanggang sa magpunta ako sa Africa at marinig ang lahat ng mga ingay, at natuklasan kong ito'y tinig ng isang tao. Minsan ito'y mala-Anghel na tinig at iba pa.

13 Ngunit si Junie Jackson, isang mahiyain, kimi, at mahina ang loob na probinsyanong mangangaral na nasa iglesiang Methodist, sa bandang Elizabeth, Indiana, doon sa kagubatan, walang-kibo, hindi nagsasalita ng anuman, medyo kimi, at para bang… Pag nakikita ko siya minsan, gusto ko haltakin siya, kamayan, at sabihan, "Magsalita ka naman, Junie, huwag ka lang maupo riyan na nakatingin sa akin."

14 Mauupo kami sa isang tuod doon sa kagubatan, at mauupo siya roon at magsasabi, "Buweno,… Palagay ko'y. . . ayos lang."

15 Sasabihin ko, "O Junie, pakiramdam ko; hayaan mong ako na ang magsabi nito para sa'yo, kita mo. Masyado kang mabagal para sa akin. Kita mo?" At binigyan siya ng Diyos ng kaloob ng pagsasalita ng iba't-ibang wika; wala akong narinig na anumang mas malinaw na pananalita sa buong buhay ko. Kita n'yo?

16 Tignan n'yo Siya sa iglesia. Nakita n'yo ba ang babaeng nangusap kaninang umaga na hindi nakakakilala do'n sa isa pang babae? At hindi sila magkakilala, kundi sa himig lamang ng pagkakasabi nito; at nang ito'y maipaliwanag, sa gayon ding himig, ang mga patinig, ang mga pagbabantas, ay magkakatulad, nang ito'y bumalik. At tamang-tama ang mensahe sa iglesia. Kita n'yo kung papaano ito? Dapat nating pasalamatan ang Diyos. Ngayon, huwag kayong magmayabang. Kung gagawin n'yo iyan, madadapa kayo; mahahawakan kayo ng diablo. Magpakumbaba lang kayo; sabihin n'yo, "O Panginoon, panatiliin Mo ako sa likuran; huwag Mong itulot na tumayo ako bago ang tamang panahon."

17 Hindi ka Niya pababayaang mawala sa kaayusan. Kung nawawala ka man sa kaayusan, minsan, hindi problema iyun. Kung nangyari iyon, aba'y, sasabih ka ng pastor dito. Kita n'yo, hindi dapat gumagana ang mga kaloob habang nangangaral kami. Kadalasan, kapag gumagana nang mainam ang mga kaloob sa iglesia, pinagtitipon namin kayo nang mahabang oras bago magsimula ang susunod na gawain; at hinahayaa naming makagawa ang Panginoon sa inyo roon (Kita n'yo?), dahil kung magkagayon, sa bahaging ito, hindi na ito makagagambala pa. Ngayon, habang nasa kongregasyon tayo, minsa'y kailangang mong manahimik ng ilang sandali. Ngunit kug may mensahe ang Diyos, sa anumang paraa'y ihahayag Niya ito (Kita n'yo?); hayaan n'yo lang Siya, ngunit gawin ninyo ito ayon sa turo ng Biblia. At marahil ay magtuturo si Brother Neville tungkol sa mga bagay na ito, at sisikapin namin itong gawin. Sisikapin ko siyang tulungan hangga't kaya natin, pagtutulungan naming ituro ito at ipakita sa inyo kung paano ito dapat gamitin.

18 Mas mainam na ba ang pakiramdam mo, kapatid kong taga-Poland? Mabuti 'yan. Oh, pinagpala siyang lubos ng Panginoon. Walong taon na ang nakalilipas, may sinabi sa kaniyang isang bagay na magaganap. Masyado siyang naguluhan, isang tunay na masugid na Trinitarian. At sinabi ng Panginoon noong isang araw, "May isang lalaking darating; maitim ang buhok niya at *brown* ang mata, mataba. Huwag mo siyang itaboy; ipadadala Ko siya sa'yo." Kinuha ko ang isang Kasulatan kung saan siya naguguluhan, isinulat ko sa kapirasong papel at inilapag ko roon. Mkalipas ang ilang sandali ay papalapit na siya.



Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Take it everywhere you go.
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven;
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven.
At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven;
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven,
Now, quietly, with our heads bowed:
. . . the Name of Jesus ever,
As a shield from every snare;
When temptations 'round you gather,
Just breathe that holy Name in prayer.
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven;
Precious name, O how sweet!
Hope of earth and joy of heaven

Wash all my sins away.

Wash all my sins away,

Wash all my sins away;

And sinners plunged beneath that flood,

Lose all my sins away.

319 Ngayon, itaas n'yo ang kamay n'yo sa Diyos at purihin natin Siya; sabihin natin, "Salamat, Panginoon. Tumayo ako; Pinupuri Kita. Nagpapasalamat ako sa Iyo sa Iyong mga pagpapala, sa Iyong kabutihan, at sa pagbibigay sa akin ng Bautismo ng Espiritu Santo." Salamat, Panginoon. Salamat, Panginoon. Nagpapasalamat kami sa Iyo, mahal na Diyos, sa pagbibigay sa amin… Tinupad Mo ang Iyong pangako. Sinabi Mo ito. Nananampalataya kami sa Iyo. Salamat, Jesus.

320 Hindi ba kayo Masaya? Sabihin natin, "Purihin ang Panginoon." Teddy, aawit ako ng isa pa,

"We find many people who can't understand, This Is Like heaven To Me."

We find many people who can't understand

Why we are so happy and free;

We've crossed over Jordan to Canaan's fair land,

And this is like heaven to me.

Oh, this is like heaven to me,

Oh, this is like heaven to me;

Well, we've crossed over Jordan to Canaan's fair land,

And this is like heaven to me.

Oh, when I get happy, I sing and I shout,

The devil don't believe it, I see;

But I'm filled with the Spirit, there isn't a doubt,

And that's what's the matter with me.

Oh, that's what's the matter with me, (Praise God.)

Oh, this is like heaven to me;

I've crossed over Jordan to Canaan's fair land,

And this is like heaven to me.

321 Hindi ba kayo napapasaya nito? Mabuti. Kamayan n'yo ang bawat isa, sabihin n'yo, "Purihin ang Panginoon. Tulad na ito ng langit para sa akin."



Sabi ng maybahay ko, "May isang lalaki sa labas na gusto kang makita."

Ika ko, "Siya na iyon; papasukin mo siya."

19 At sinabi niya sa akin kung ano ang sinabi sa kaniya sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Kung papaanong dati na siyang naniniwala at nanghahawakan sa mensahe, at lahat na, sa kanilang magkakamag-anak; bagama't binatikos, nanatili siya rito. Aniya, ilang panahon na ang nakalilipas, nangusap ako sa kaniya sa gawain at tinawag ko ang kaniyang pangalan. At paano ko nasabi ang pangalang iyon, hindi ko alam. Ang sabi niya kinailangan ko pa ngang baybayin ito, o kung anupaman sa pagtitipong iyon. Aniya may karga siyang bata na nilabasan ng maraming butlig kaniyang mukha, at aniya ganap na nalinis ang bata, lubus-lubusan. At kung paanong ang Panginoon…

20 At sabi ko, "Buweno, ang kailangan mo ngayon ay pumunta ka sa simbahan at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo."

21 Nagkita kami kani-kanina lang sa tuktok ng bundok, dahil pumarito siya, at nagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngayon, masayang-masaya siya, mainam ang pakiramdam, pag-uwi niya. Sana'y mag-interpret siya sa akin sa Poland isa sa mga araw na ito, at sa Germany, at doon sa mga lugar na iyon.. Pagpalain ka ng Panginoon, kapatid ko.

22 Napakaraming napakadakilang mga bagay na ginagawa ang ating Panginoon. Ang makita lang ang Kaniyang kahabagan, at kung paanong mula sa silangan, kanluran, hilaga, at timog, ay pinangungunahan Niya ang Kaniyang mga mahal na anak; nagsasama-sama sila, hinuhugot, nililiglig. Napakaraming dapat sabihin…

23 Ngayon, huwag n'yong kalilimutan, sa susunod na Linggo ng gabi, kung loloobin ng ating Panginoon, sa susunod na Linggo ng gabi, magkakaroon tayo ng—sa susunod na Linggo ng umaga, pala, ng isang *healing service*. Kaya ganu'n ang pagkakasabi ko, kung sakaling masyadong marami sa Linggo ng umaga, maaari kong ituloy kinagabihan. Nauunawaan n'yo? Ngunit kung matatapos ko silang lahat ng Linggo ng umaga, buweno, mas mainam.

24 Ang Miyerkules ng gabi ay isang *midweek prayer meeting*. Ngayon, kayong mga malapit ang mga tahanan; magtipon-tipon kayo rito; magkaroon kayo ng *prayer meeting*. Huwag n'yong palalampasin iyan; ipagpatuloy n'yo iyon (Kita n'yo?) at kayo'y manalangin, sikapin ninyong mapalapit sa Diyos. Huwag na huwag ninyong pahintulutang pumasok ang panatisismo sa inyong kalagitnaan. Manatili kayong… Napakarami ng tunay upang tumanggap pa ng huwad (Kita n'yo?); huwag ninyong panigan ang mali. Manatili kayo sa…

25 Nakarinig ako ng pamilyar na "Amen" na maraming taon ko nang naririnig, si Brother Russell Creech. Sinabi nila sa akin na si Patty ang nagsalita ng iba't-ibang wika sa likuran noong isang gabi. Patty, nasaan ka? Naririto ka ba, iha? Oo, naku, ni hindi ko siya makikilala makita ko man siya. Ngunit palagay ko'y nakarga ko sa aking mga bisig ang batang iyan at inialay sa Panginoon, dito mismo. "At siya'y dalagita na," ika ni Meda, "isang magandang dalagita," na nilulukuban ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, nagsasalita ng… Russell, isa kang mayamang taoi. Oo, talaga.

26 Nasaan si Sister Creech? Hindi ko siya nakita. Narito ba siya? Nasa likod. O Sister Creech, lubos akong nagpapaslamat na binigyan ka ng Diyos ng anak na tulad niyan, aba'y, hindi n'yo nalalaman kung gaano ako nagpapasalamat. Sa panahong ang mga dalagita ay naghahagikgikan at nagtatawanan at nagwawala, alam n'yo na, kasama ang walang kabuluhang bungkos ng mga kalalakihang may gupit-pato at lahat na, at gaya niyan; samantalang narito ang batang ito na nagtataglay ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, nagsasalita ng iba't-ibang wika rito. Ay, naku.

27 Um. Gaano karaming lalaki ngayong gabi, mga mangangaral na Pentecostal, ang magbibigay ang buong buhay nila kung makikita nilang magkakagayon ang kanilang mga anak na dalaga na nasa mga *rock-and-roll party*.

28 Sadyang pahalagahan mo iyan, kapatid. Alam ko kung anong ginagawa mo sa *Interstate*; ginawa ko rin iyon, kumayod ako ng maraming mahihirap na araw. Ngunit, kapatid, ang palakihin ang mga batang iyan… Ngunit tandaan mo, tapat ang Diyos, gagantimpalaan ka Niya. Oo, tunay nga. "Magsusukli Ako."

29 Pagpalain ka ng Diyos, Patty. Iha, hindi kita makikilala kung nakita man kita, sa palagay ko, ngunit huwag na huwag mong lisanin ang tuwid na landas na iyan, iha. Huwag mong hayaang maglagay ang diablo ng anuman sa'yo, na parang isang magandang ginintuang mansanas, dahil madidiskubre mo na isa pala itong dayap. Nauunawaan mo? Bitiwan mo iyon at iwan nang ganiyan. Panatilihin mo ang iyong paningin kay Cristo, doon mismo sa krus. At magpatuloy ka, dahil malapit na ang oras, nauunawaan mo ba?

30 Napakarami kong maaaring maipangaral, ang mga pagpapala ng Diyos. Hindi ko nagawang makabisita sa marami, at sa buong sanlinggong ito, hindi lumampas sa limampung tao ang naipanalangin ko, sa wari ko, at ang mga paglabas-masok, at mga emergency at ang mga dumating, at lahat na, subalit abala ako sa pag-aaral. Ngunit ngayon, sa susunod na Linggo, mananalangin ang mga tao at hihilingin natin sa Panginoon na bumaba Siya at bigyan tayo ng



315 Dumadalangin ako, Ama, bilang lingkod Mo, habang nakikita Mong nakataas ang kanilang mga kamay . . . Namanata sila sa Iyo at nangakong hindi sila titigil; hindi nila ito babalewalain, kundi mananalangin sila hanggang sa puspusin Mo sila, Panginoon, ng kasiya-siyang bahagi ng Iyong banal na Presensya sa kanilang buhay. Nag-aalay ako ng dalangin para sa kanila, Panginoon, bilang lingkod Mo, na sila'y mapuspos ng Espiritu Santo. Panginoon, dumadalangin ako na huwag silang umalis sa iglesiang ito hanggang sa maganap iyon, na sila'y manatili rito hanggang sa bawat isang kaluluwa ay mapuspos ng Espiritu Santo. Itulot mo, Panginoon.

316 Ikaw ay Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat; ipinahayag Ka sa laman upang alisin ang mga kasalanan ng sanlibutan. Nagbangon Ka ng ikatlong araw, umakyat sa kaitaasan. At narito Ka ngayong gabi sa aming kalagitnaan, at sa Pangalan ng Espiritu Santo. At dumadalangin kami, Ama, na Ikaw, ang Panginoon naming minamahal, ay pupuspos sa bawat isa sa kanila ng Iyong Sarili. At nawa'y maging isang pagpapala sila sa Iyong Kaharian at sa mundong paparating. At isang araw kapag naabot Mo na ang dulo ng paglalakbay, na hindi pa ngayon marahil, hindi namin alam kung kailan ito magaganap. Ngunit magawa ko nawa, Panginoon, na mapabilang sa mga makakasama sa pag-agaw. Sila nawa ang makasama sa pag-agaw. Bawat nilalang nawa na nasa Makalangit na Presensya at lahat ng puspos ng Espiritu, na kabilang sa Diyos, ay makasama sa pag-agaw.

317 Kunin mo sila ngayong gabi, Ama. Sila'y sa Iyo na ngayon. Ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

318 Ngayon, gusto kong kayo na kasama ng mga taong ito, na may Espiritu Santo, ay tumayo, at ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila.

. . . a fountain filled with blood,

Drawn from Immanuel's veins,

And sinners plunged beneath that flood,

Lose all their guilty stain.

Lose all their guilty stain,

Lose all their guilty stain;

And sinners plunged beneath that flood,

Lose all their guilty stain.

The dying thief rejoiced to see

That fountain in his day;

And there may I, though vile as he,

This is all my righteousness,

Nothing but the blood of Jesus. (Mayroon pa bang iba?)

Oh, precious is . . . (Walang ibang mananatili, brother, sister. Palubog na ang mundo; tapos na siya.) . . . as snow;

No other fount I know,

Nothing but the blood of Jesus.

311 Marahan lang, Teddy, kung magagawa mo, "There Is A Fountain Filled With Blood, drawn from Immanuel's veins."

312 Ngayon, mga kaibigan, kayo na mga nangakatayo ay nagnanasang matanggap ang katamisan ng Panginoong Jesus. Ang kaparehong Biblia na nagsabi sa atin na magaganap ang mga bagay na ito, ay pinapangyari ito sa kaparaanang ipinangako Niya. "Ngayon, ang pangako," sabi ni Pedro, "ay para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

313 Tumayo kayo dahil gusto n'yo ng makamtan ang pagpapala ng Diyos. At bilang lingkod Niya, mananalangin ako para sa inyo. Mananalangin ako na ibigay ng Diyos sa inyo ang bautismo ng Espiritu Santo. At hindi ko alam kung magagawa n'yo ito sa puso n'yo, kung sinsero kayo, kung makakapangako kayo ng ganito sa Diyos: "Oh, Diyos, ako, mula sa oras na ito, na nakatayo, hinahanap ang bautismo ng Espiritu Santo, patuloy akong mananalangin at maghihintay hanggang sa puspusin Mo ako ng Espiritu Santo." Maipangangako mo ba iyan sa Diyos sa pamamagitan ng pagtaas mo ng iyong mga kamay? "Patuloy akong mananalangin, patuloy, hanggang sa puspusin Mo ako ng katamisan at kabutihan ng Espiritu."

314 Mag-aalay ako ng panalangin para sa inyo ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo. Makalangit naming Ama, sila ang mga tropeo ng Iyong Presensya. Alam nila na ang mga Salitang ito ay totoo dahil sila'y sa Iyo. Alam nilang ito'y ibinigay ng Espiritu Santo, dahil sila'y mga Salita ng Diyos. At kumbinsido silang kailangan Ka nila, na kailangan nila ng katamisan ng Espiritu Santo sa kanilang buhay upang bigyan sila ng kapangyarihang magtagumpay. At tatanggap sila ng kapangyarihan mula sa kaitaasan, tatanggap ng kapangyarihan upang makapamuhay ng isang Cristianong buhay, makatanggap ng kapangyarihan upang mapagtagumpayan ang mga tukso. Tulad ng awiting kakaawit lang namin, "Nagtipon sila sa silid sa itaas at nananalangin sa Kaniyang Pangalan, nabautismuhan sila ng Espiritu Santo at dumating ang kapangyarihan para maglingkod." Iyan ang nasa nila, ang mapasa-kanila ang kapangyarihan para maglingkod.



dakilang kapangyarihan, at ipahayag sa atin ang Kaniyag Sarili sa susunod na Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon.

31 Oh, sadyang ayaw kong simulan ang kapanahunan ng iglesiang ito, dahil alam kong iyan na ang pinakahuli sa mga ito. At... Ngayon, dito ay magtatapos na ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia. Nasiyahan ba kayo rito? [Sumagot ang kongregasyon, "Amen."—Ed.] Ngayon, tandaan, sasabihin ko ito sa dulo gaya ng sinabi ko nu'ng pasimula: maaaring maraming mga bagay—maaaring maraming mga bagay na mahigpit ninyong hindi masang-ayunan sa akin, ngunit huwag n'yo itong kimkimin laban sa akin. Kita n'yo? Mahalin n'yo pa rin ako, dahil hindi mahalaga anuman ang gawin n'yo o anuman ang sabihin n'yo; ganun na rin lang ang iisipin ko sa inyo; kung may anupamang bagay, na higit (Kita n'yo?), at kanilang... Higit do'n ang iisipin ko sa inyo. Ngunit mahal ko kayo; alam iyan ng Diyos. Walang isa mang taong tumatawag sa Pangalan ni Jesus Cristo na hindi ko minamahal. Kita n'yo?

32 At ayaw ko ng anumang kapaitan o kawalan ng malasakit, bagama't mahigpit ang hindi natin pagkakasundo. Kung nakaupo tayo sa isang hapag at ang isa ay kumakain ng isang uri ng tinapay, at ang isa ay iba naman, tulad din iyon nito. Kita n'yo? Pagdating sa pagsasama-sama natin, mahal natin ang isa't-isa. At kung hindi gayon ang ginagawa natin, dapat ay gawin natin iyon. At hindi tayo susulong sa Diyos malibang gawin natin iyon.

33 Huwag n'yo lang kalilimutan; huwag ninyong kakalimutan na ang pinakadakilang kaloob sa lahat ng mga kaloob ay ang pag-ibig. "Kahit ako'y magsalita ng wika ng mga tao at mga Anghel, ibigay ko ang aking katawan upang sunugin bilang isang hain, maalaman ko man lahat ng hiwaga, at iba pa, wala akong kabuluhan. Kaya… Ngunit kapag yaong sakdal, na walang iba kundi ang pagibig…" Kung ang lahat ng espirituwal na kaloob ay hindi napagdikit-dikit ng pagibig, hindi ito magtatagal. Lahat ng iba pang pandikit ay madudurog, "Ngunit ang pag-ibig ay mananatili magpakailan man." Kita n'yo, iyan ay I Mga Taga Corinto 13.

34 Ngayon, ngayong gabi, papasok na tayo sa dakilang kapanahunang ito ng iglesia. Ay, naku. Ngayon, marahil mga alas nuwebe kinse na (ngayong gabi). At ngayon, ikinalulungkot kong wala tayong sapat na lugar, ngunit—upang paupuin ang lahat, o makaupo ang lahat, ngunit sadyang wala nga tayong gayon, at marahil isang araw ay magkakaroon tayo.

35 Ngunit ngayo'y gusto kong humingi sa inyo ng isang pabor. Nakikita n'yo ang paninindigan ko, at alam n'yo kung ano'ng magiging kapalit nito isang araw (Kita n'yo?), at malapit na ang oras na iyon. Kita n'yo? Ngayon, gusto kong gawin n'yo ito; lagi n'yo akong ipanalangin. At tandaan n'yo,

naging matapat ako sa abot ng nalalaman ko. Kita n'yo? At napag-uunawa kong hindi na ako bata; singkuwenta'y uno anyos na ako. At ako'y—nang ang aking… Hindi ako maaaring pumanaw libang tawagin na ako ng Diyos. At papanaw ayon sa paraang nais Niya, at iyon na 'yon. Kita n'yo? Ngunit kailangan kong maging tapat at magsabi ng totoo,anuman ang mangyari. Kaya't alam kong minsa'y maglalakad akong mag-isa, ngunit e ano ba basta't kasama mo Siya? Kita n'yo?

36 Ngayon, bago natin simulan ang dakilang kapanahunan ng iglesiang ito, maaari bang sumandali tayo muling magsitayo ngayon para sa isang panalangin? Makakaunat kayo nang kaunti at giginhawa ang pakiramdam n'yo. Sa pagtatapos na gawain natin, mayroon bang… Ilan dito ang nais na maalala sa harap ng Diyos? Itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos, "Alalahanin Mo ako, O Panginoon, sa dulo ng kapanahunan. Kapag tapos na ang buhay, alalahanin Mo ako."

37 Makalangit naming Ama, wala kaming sapat na wika upang ihayag ang aming pasasalamat dahil sa Presensya ng buhay na Diyos na sumaaming kalagitnaan nitong nakaraang linggo, dahil sa mga bagay na natutunan namin tungkol sa Iyo, kung paanong ipinahayag Mo ang Iyong Sarili sa amin sa buong panahon, at kung paanong pinaglinaw Mo nang husto ang Iyong Salita sa amin. Ganun na lang kami naghintay sa Iyo, at ganun na lang ang pagsisikap naming ihayag ang aming pagibig at hindi naming nagawa, Panginoon, dahil hindi ito kayang gawin ng mga wikang mortal. Maging sa pagliligtas Mo sa amin, at Ikaw ay… Maging sa pagbibigay Mo sa amin ng pagkagutom sa Iyo… Dahil nasusulat sa Salita, "Mapalad ang mga nagugutom, (ang magutom pa lang ay isa nang pagpapala) nagugutom at nauuhaw sa katuwiran." At pagkatapos ay ginawa Mo ang dakilang pangungusap na iyon, "Sapagkat sila'y bubusugin." Ngayon, naniniwala kami riyan, Panginoon. Patawarin Mo kami sa aming mga pagkukulang.

38 At sa pagpasok namin ngayong gabi sa huling kapanahunan ng iglesiang ito, na walang iba kundi ang Laodicea, matapos naming makita na nagtutugma nang tamang-tama sa tuwina ang mga Kasulatan at ang kasaysayan. Kaya, Ama, alam namin ang sipi mula sa Iyong dakilang propesiya tungkol dito sa huling panahon; magiging tulad din ito ng nagdaan na anim na kapanahunan. Ama, dumadalangin ako na itulot Mong bumaba ang Espiritu Santo sa amin ngayong gabi, at pagpalain mo kami habang patuloy kaming naghihintay sa Iyo. Sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Salamat. Makakaupo na kayo.)

39 Kung loloobin ng Panginoon, ang aklat ay… simbilis ng makakayanan namin. Hinahango ito ni Broter Leo mula sa *magnetic tape*, iniisteno, minamakinilya, at pagkatapos ay maisasaaklat na.



nakakakilala sa Kaniya at hindi pa natatanggap ang Kaniyang Espiritu, nangungusap Siya sa inyo.

308 Sige, ang isang iyon sa likuran, maaari ka bang tumayo, kapatid. [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagsalita—Ed.] Gusto niyang mabautismuhan ng Espiritu Santo, tama ba, kapatid? Pagpalain ka ng Diyos. Tumayo ka sa kinaroroonan mo. Mayroon pa bang gustong tumayo at magsabing, "Gusto kong mabautismuhan ng Espiritu Santo." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos. Tumayo lang kayo. Manatili kayong nakatayo. Mayroon pa bang iba na nais n'yong matanggap ang Espiritu Santo at mabautismuhan, gustong alalahanin sa ating mga panalangin ngayon din, na mabautismuhan ng Espiritu Santo? Mayroon pa bang iba, bago ko sabihin ang gusto kong sabihin, na gustong tumayo at makasama?

Oh, would you be numbered as one of His fold? (Maaari mo bang gawin?)

Be spotless within, be watching and waiting that sight to behold;

He's coming again.

309 Siya'y muling babalik. Gusto mo bang maging kaaway Niya o gusto mong maging Kaniyang anak? Isang galit na Diyos sa umagang iyon, tanging ang Dugo lamang ni Jesus ang Kaniyang kikilalanin. Hindi Niya… Walang halaga sa Kaniya ang pagiging miyembro mo ng iglesia. Tanging ang Dugo lamang . . .

Oh, precious is that flow

That makes me white as snow; ( . . .? . . .)

No other fount I know,

Nothing but the blood of Jesus.

What can wash away my sin?

Nothing but the blood of Jesus;

What can make me whole again?

Nothing but the blood of Jesus.

Oh, precious is the flow

That makes me white as snow;

No other fount I know,

Nothing but the blood of Jesus.

310 [Nagpasimulang ihimig ni Brother Branham ang awit--Ed.]

Nothing but the blood of Jesus;

They were gathered in the upper room,

All praying in His Name,

They were baptized with the Holy Ghost,

And power for service came;

Now, what He did for them that day

He'll do for you the same,

I'm so glad that I can say . . . (Ngayon, magkamayan tayo, sa harapan, likuran at sa palibot.)

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

Well, one of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

304 Nagagalak ba kayo na isa kayo sa kanila? [Sumagot ang kongregasyon, "Oo. Amen. Alleluia."--Ed.] . . .? . . . grupo ng maiingay.

305 [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita ng ibang wika. Isang kapatid na lalaki ang nagpaliwanag--Ed.]

306 Lubos kaming nagpapasalamat sa Iyo, Ama, sa Iyong kabutihan at habag sa amin, mga di-karapatdapat. Ang isiping patutunayan Mo ang Iyong mensahe ngayon, Panginoon, ipinangako Mo sa mga tao. Dumadalangin ako, Diyos, na manahan sa kanila ang Iyong mga kahabagan.

307 Kung mayroon dito na hindi pa Siya nakikilala bilang Tagapagligtas, gusto mo Siyang masumpungan ngayon sa inyong mga puso bilang Tagapagligtas, maaari ka bang tumayo habang nag-aalay kami ng panalangin para sa inyo? Sinabi Niyang gagawin Niya, sinabi ang mensaheng ito roon at gusto Niyang patunayan ang Kaniyang Salita sa inyo. Kung mayroon ditong hindi pa



40 Siyanga pala, malapit nang lumabas ang aklat ni Rosella, "Isang Lasenggang Naligtas." Lahat kayo'y nakakaalala ng kasaysayan niya, kung paanong tinawag siya ng Espiritu Santo sa gawain. At tinanggihan na siya ng apat sa pinakamalalaking institusyon para sa mga lulong sa alak, at tinanggihan ng mga ospital sa Chicago. At sa isang iglap, lubusan itong inalis sa kaniya ng Panginong Jesus. Nagpupunta siya sa kulungan at sa iba pang mga lugar, sinasaysay sa mga tao kung paanong nakapagliligtas ang Diyos, kinakausap niya ang mga lulong sa alcohol at iba pa. Dahil sa kaniyang patotoo, siya'y nakapag-akay na ng maraming tao kay Cristo.

41 Ngayon, maari n'yo bang sabihin sa akin kung ano ang unang kapanahunan ng iglesia? Efeso. Ang ikalawa? Smirna. Ang ikatlo? Pergamo. Ang ika-apat? Tiatira. Ang ikalima? Sardis. Ang ika-anim? Filadelfia. Ang ikapito? Laodicea.

42 Ang una ay mula A.D. 55 hanggang 170, Efeso; Smirna, 170 hanggang 312; Pergamo, 312 hanggang 606; Tiatira, 606 hanggang 520. Sardis, 520 hanggang 1750; Filadelfia, 1750 hanggang anim... -06; ngayon, dito nagsimula ang kapanahunang Laodicea, nagkaroon ng pagsasanib, at kagabi'y tinalakay natin ang munting pagsasanib. Ngayon, tatalakayin natin ngayong gabi ang dulo ng Laodicea.

43 Naniniwala tayong nagsimula ang iglesia ng Laodicea noong A.D. 1906. Tinataya kong… Ngayon, tandaan, "tinataya," lalo na sa inyong mga nakikinig sa tape. Hindi ko sinasabing mangyayari, ngunit tinataya kong matatapos ito pagdating ng 1977, na ang iglesia ay ganap na tataliwakas, at siya'y isususka mula sa bibig ng Diyos. At ang ikalawang pagdating, o ang pag-agaw ni Cristo, ay maaring dumating anumang oras. Ngayon, maaari akong magmintis ng isang taon; maaaring magmintis ako ng dalawampung taon, maaaring magmintis ako ng sandaang taon. Hindi ko alam kung saan do'n. Ngunit tinataya ko lang ayon sa pangitain na ipinakita Niya sa akin, at sa pagtantiya ko sa panahon, sa paraan ng pagsulong nito, sinasabi kong ito'y maaaring maganap sa pagitan ng '33 at '77. Pinakamaliit na, na ang dakilang bansang ito ay sasapit sa isang digmaan na magiging sanhi ng pagsambulat nito. Kita n'yo? Ngayon, napakalapit na niyan; malapit na malapit na. At maaaring magkamali ako; nagtataya ako. Lahat ng nakauunawa ay magsabi ng, "amen" kung nauunawaan n'yo nga. [Nagsabi ang kogregasyon ng, "Amen."—Ed.] Kita n'yo?

44 Ngunit nagpakita sa akin ang Panginoon ng isang pangitain ng napakamakapangyarihang babae, noong '33, 1933, nasa pahayagan ito. Kung paanong si Roosevelt ay magbubunsod na… Binuyo niyang pumasok sa digmaan ang mundo. Kung paanong gagawin ni Mussolini ang kaniyang

unang paglusob sa Ethiopia, at makukubkob niya ito, ngunit sasapit siya sa isang kahiya-hiyang wakas. At kung paanong ang tatlong ismo (Nazismo, Fasismo, Komunismo) noon ay mauuwi lahat sa Komunismo. At ilan sa mga narito ang nakakaalalang pinanatili ko kayong nakatayo, at pinasabi ko sa inyo nang paulit-ulit ang, "Matiyagan n'yo ang Russia. Matiyagan n'yo ang Russia, ang hari ng hilaga. Matiyagan n'yo ang Russia, ang hari ng hilaga. Matiyagan n'yo ang Russia, ang hari ng hilaga"? Ilan ang nakarinig na paulit-ulit ko itong sinabi? Ang mga datihan (Kita n'yo?), noong kakapasimula pa lamang ng glesia. Tumayo ako at paulit-ulit ko itong sinasabi, "Matiyagan n'yo ang Russia, ang hari ng hilaga. Tignan n'yo, kung ano ang gagawin niya, dahil lahat ng mga ismong yaon ay mabubunton sa Russia."

45 At sinabi ko, na ang bansang ito sa bandang huli ay makikipagdigma sa Germany. At magtatayo ang Germany ng isang konkretong pader. At iyon ay ang Maginot Line, labing-isang taon bago ito pasimulang itayo, labing-isang taon bago iyon. At sinabi ko, "Makakaranas ng masaklap na pagkatalo ang mga Amerikano sa pader na iyon." Ilan sa mga kalalakihan dito ay naroon sa pader na iyon, sina Brother Roy Roberson at iba pa sa kanila; tanungin n'yo sila kung ano ang nangyari. Tunay ngang natalo sila. Tama. "Ngunit sa kahuli-hulihan," ang sabi ko, "mananaig tayo at tayo ang magwawagi sa pakikidigma natin sa Germany.

46 Ngayon, ang sabi ko, "Pagkatapos ng panahong iyon, ang siyensya ay tunay na susulong." Naganap ito; nakagawa sila ng bomba atomika at lahat na. ang sabi ko, "Sa kanilang pagsulong, gagawa sila ng isang… Ang mga kotse ay magsisimulang maging hugis itlog." At naaalala n'yo ang malaking takip ng makina ng modelong 1933, ang malaking likuran nitong pababang ganito at ang reserbang gulong ay nasa likuran? Tignan n'yo na ngayon ang itsura nito (Kita n'yo?), dinisenyo ito (Kita n'yo?) na parang itlog. At sinabi ko, "Sa kahulihulihan ay mag-iimbento sila ng isang kotse na hindi na kakailanganin ng manebela. Nakakita ako ng isang pamilya na bumibiyahe sa kalsada sa isang kotseng salamin ang bubungan, malalaki at naggagandahang mga kalsada at kotse. At nakaupo sila, magkaharap, at ang kotse ay tumatakbong mag-isa, kusang lumiliko sa mga kurbada at lahat na." At mayroon na silang gayong kotse ngayon; naimbento na ito. Mayroon na silang ganitong kotse. At sinabi ko, "Oh, lubhang uunlad ang siyensya sa araw na iyon."

47 Ang sabi ko, "At nakakita ako ng isang… Pahihintulutan nilang bumoto ang mga kababaihan. At sa kanilang pagboto, maihahalal nila ang maling lalaki isa sa mga araw na ito." At ginawa n'yo iyon noong nakaraang eleksyon. Ang mga boto ng kababaihan ang naghalal kay Kennedy. Alam



Jesus Cristo." Binautismuhan ako ni Dr. Roy E. Davis sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo noong ako'y isang bata pa lang. Kita n'yo? Tama. Kaya pinanampalatayanan ko ito; nanatili ako rito; at alam kong ito ang katotohanan. Ito ang walang-hanggang Salita ng Diyos. Tama. Tama.

303 Lubos akong nagagalak na masabi kong isa ako sa kanila.

I'm one of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

I'm one of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

Though these people may not learn to be,

Or boast of worldly fame,

They have all received their Pentecost,

Baptized in Jesus' Name;

And are telling now, both far and wide,

His power is yet the same,

I'm so glad that I can say . . . (Masaya ba kayo? Kung masaya kayo, itaas n'yo ang inyong kamay.)

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them;

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

Come, my brother, seek this blessing

That will cleanse your heart from sin,

That will start the joy-bells ringing

And will keep your soul aflame;

Oh, it's burning now down in my heart,

Oh, glory to His name,

And I'm glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.)

One of them, one of them,

I'm so glad that I can say I'm one of them.

ang mga organisasyon . . . Nang umalis sila para kumuha ng Langis, dumating ang Kasintahang Lalaki. Kaya sinisikap nilang makakuha nito ngayon, malalaking mga simbahan, mga organisasyon, mga malalaking pandaigdigang pagpupulong tungkol dito sa mga organisadong iglesia, na nagsasabi, "Kailangan nating bumalik sa pagpapalang Pentecostal. Kailangan nating magkaroon ng mga Makalangit na manggagamot sa iglesia. Kailangan nating magkaroon ng mga nagsasalita ng iba't-ibang wika. Kailangan nating magkaroon ng mga tagapagpaliwanag ng mga wika. Kailangan nating magkaroon ng lahat nitong mga ispiritwal na kaloob sa ating iglesia, at magpapasimula na tayong magpulong at pasimulang gawin ito." Nagtatag sila ng mga konseho, at nagpasimulang gawin ito. Pag-alis nila para gawin iyon, ito ang siyang oras na dumating ang Kasintahang Lalaki at kinuha ang may mga Langis ang kanilang mga ilawan at lumisan.

298 At dumating sila, at anong nangyari? Itinapon sila sa kadiliman sa labas (ang panahon ng malaking kapighatian) kung saan ang pagtangis, pag-iyak at pagngangalit ng mga ngipin, habang nasa langit ang Nobya. Ay, naku.

299 At sa dulo ng tatlo at kalahating taong iyun, darating Siyang tulad ng pagdating ni Jose at ipakikilala ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga kapatid. Magiging daan ito ng pagtangis sa buong paligid, at sasabihin nila . . . Ihihiwalay nila ang kanilang mga sambahayan, at tatangis at—at magsasabing, "Saan mo nakuha ang Iyong mga pilat?" At—at ang umulos… Makikita Siya ng mga nagsi-ulos sa Kaniya, at ipakikilala Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga kapatid.

300 Ngayon, sinisikap Niyang ipakilala ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang iglesia, at itinulak nila Siya palabas. At nakatayo pa rin Siya, at kumakatok, Aniya, "May isa pa ba riyan, isa na magbubukas at magpapapasok sa Akin at makikipag-usap?"

301 Oh, nagagalak ako, lubhang nagpapasalamat na sa—maraming taon na ang nagdaan, mga dalawampu't walong taon na, nadama ko ang katok na yaon sa puso ko. At ako'y… Pumasok Siya; Humahapon akong kasama Siya at Siya'y kasama ko magmula noon. At natanggap ko ang pagpapalang Pentecostal, natanggap ko ang Espiritu Santo. Binautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, ang tanging pagkakataon na nabautismuhan ako sa buong buhay ko. Noong ako'y munting bata pa, walang sinumang makapagsabi sa akin na may tatlong Diyos. Hindi, hindi mo iyan maituturo sa aking… Hindi mo iyan maibibigay sa kaninumang nakakalam kung ano ang Diyos. Tama.

302 Kaya nang bautismuhan ako… Binautismuhan ako ng isang mangangaral na Baptist. Sabi ko, "Gusto kong mabautismuhan sa Pangalan ng Panginoong



natin iyan (Kita n'yo?), ang tungkol sa mga minaubrang makina at mga bagaybagay, na ibinunyag ng FBI. At paanong magagawa ng sinuman… Bakit wala silang ginagawang anuman tungkol dito? Bakit walang anumang nabanggit? Ha, natatakot na may mawalan ng trabaho. Kita n'yo, isa lamang itong bungkos ng pulitika, bulok na bulok na. Iyon lang. Tunay nga.

48 Wala—wala—walang, ipagpaumanhin n'yo. Walang kaligtasan sa bansang ito; walang kaligtasan saan mang bansa. Ang kaligtasan ay nakay Jesus Cristo at sa Kaniya lamang. Kita n'yo? Tama. Ngayon, ipinagpapasalamat ko ang America. Mas gusto kong tumira rito kaysa alinmang lugar sa mundo, maliban sa Canada. Ang Canada at ang Estados Unidos ay magkakambal; alam natin iyan, magkapitbahay na bansa, napakagandang lugar, ngunit para sa akin ay mas gusto kong tumira rito kaysa sa alinmang lugar na alam ko, dahil ito ang aking tahanan. Nagagalak ako na ako'y isang Amerikano, at pinagpapasalamat ko ito. Ngunit sinasabi ko sa inyo; tunay na nangangailangan ito ng karampatang revival; tunay nga. At hindi niya ito makukuha. Hindi po. Hindi na siya muli pang makababangon. Hindi na po. Tapos na siya. Naaalala n'yo, mga limang taon na ang nakararaan sa Chicago; nasa tape iyon. Nasa iyo ba 'yon, Gene. Ang sabi ko, "Tatanggapin nila Ito ngayong taon, o kaya'y tuloy-tuloy na silang babagsak." At nangyari na nga ito sa kanila (Kita n'yo?), at magpapatuloy sila hanggang sa siya'y dumating sa kaniyang wakas.

49 Ngunit magkakaroon ng isang makapangyarihang babae. Ngayon, tandaan, nasa tape din ito. Isang makapangyarihang babae, dakilang babae, maaaring siya'y isang Presidente, o isang babaeng kakatawan sa iglesiang Catolico (at sa wari ko'y iyon nga 'yon) na mamamahala rito isang araw at pamumunuan niya ang bansang ito. Ang bansang ito ay isang bansa ng kababaihan. Ang watawat ay ginawa ng isang babae; labintatlo ang bilang nito. Nagsimula siya na may labintatlong bituin, labintatlong guhit, labintatlong kolonya. Ang lahat ay labintatlo, labintatlo, labintatlo, lahat ng iba pa. May labintatlong bituin ngayon sa kaniyang dolyar na pilak. Ang lahat ay labintatlo. Labingtatlo ang bilang nito, at makikita ito sa ikalabintatlong kabanata ng Apokalipsis: lahat ay labintatlo. Lahat ay "babae, babae, babae, babae, babae," sa kabuuan nito. At sinakop niya ang lahat ng opisina. Sinakop niya ang Hollywood. Sinakop niya ang bansa. Sinakop niya ang mga opisina. Sinakop niya ang lahat; kapantay niya sa karapatan ang kalalakihan, bumubotong kasama ng lalaki, nagmumurang tulad ng lalaki, umiinom tulad ng lalaki, at lahat ng iba pa. At pain lamang ito para sa iglesiang Catolico, para sa pagsamba sa isang babae. Kung sabagay sumasamba na sila sa isang babae.

50 Siya ang pinakamagaling... Ang isang imoral na babae ay ang pinakamagaling na pain na napasa kamay ng diablo. Mas masahol pa siya kaysa sa lahat ng mga *bar*. Maaari siyang makapagpadala ng mas maraming kaluluwa sa impyerno kaysa sa lahat ng mga *bar* sa bansa. Tama.

51 "Ang mabuting babae ay isang hiyas sa putong ng isang lalaki, sabi ng pinakamatalinong lalaki sa mundo. Dapat igalang ng isang lalaki ang isang mabuting babae. Kita n'yo? "Ngunit ang isang masamang babae ay tubig sa Kaniyang dugo," at ang Knaiyang dugo ay ang kaniyang buhay. Kayong mga lalaki na may mga mabubuting maybahay, hindi n'yo alam kung gaano kayo dapat magpasalamat sa Diyos dahil sa isang mabuting maybahay. Dahil kung makapagbibigay ang Diyos sa isang lalaki ng mas mainam na katuwang, ginawa na Niya sana. Ngunit ang isang babae ang pinakamainam na katuwang na maibibigay ng Diyos sa isang lalaki. Ngunit nang sila'y lumihis…

52 Siya ang pinili ni Satanas na kasangkapanin doon sa halamanan ng Eden. Hindi niya pinili ang lalaki; ang babae ang pinili niya. Bakit hindi si Adan ang pinuntahan niya at binigyan ng matinding pagnanasa? Ang babae ang pinuntahan niya at siya ang binigyan Niya (Kita n'yo?), dahil siya ang kaniyang pinili. Pinili ng Diyos ang lalaki, at ang babae naman ang pinili ni Satanas.

53 At tignan n'yo sa paglaon ng panahon, at sa dulo… Nang itatag ang Babylon nung pasimula, sa "Two Babylons"ni Hislop, isang babae… Nang humantong ito sa ating kapanahunan, patapos na ang kapanahunang Gentil… Ganu'n nagsimula ang Babylon, at magtatapos sa pagsamba sa isang babae (kay Maria) sa iglesia. Matindi ang araw na kinabubuhayan natin.

54 Ngayon, ang Laodicea, ang kapanahunan ng Laodicea, ang salitang iyon ay nangangahulugang "malahininga." Nagkamit ito ng mga kayamanan, at sa palagay niya'y wala na siyang kailangang anupaman. Ngunit sinasabi ng Bibbliang siya'y aba, bulag, maralita at hubad. Kahabag-habag na kalagayan.

55 Ang gantimpala sa mga magtatagumpay sa kapanahunan ng iglesiang ito, ay ang pagupong kasama ng Panginoon sa luklukan.

56 Ngayon, ang bituin, o anghel, o ang mensahero ng kapanahunan ng iglesiang ito, ay hindi kilala.

57 Ngayon, sino ang mensahero ng unang kapanahunan ng iglesia? Si Pablo, sa Efeso. Sa Smirna? Si Irenaeus. Sa Pergamo? Si Saint Martin. Sa Tiatira? Si Colomba. Sa Sardis? Si Luther. Sa Filadelfia? Si Wesley. At dito sa Laodicea, hindi pa natin alam, at marahil ay hindi natin malalaman hanggang sa ito'y matapos.



Methodist, mga Baptist, maging ano ka man, "Sinumang magbukas ng pinto, papasok Ako at hahapong kasama niya."

292 Maibilang nawa tayo, mga kapatid kong lalaki't babae, maibilang nawa tayo sa munting kawan sa araw na yaon. Maging bahagi nawa tayo ng munting kawang iyon na naghihintay sa Kaniyang pagdating, dahil darating Siya upang kunin ito sa buong mundo. Dahil ang pag-agaw ay pandaigdigan. "May dalawa sa higaan; kukunin Ko ang isa; dalawa sa bukid, at kukunin Ko ang isa." Ipinapakitang ito'y gabi sa isang bahagi ng mundo at tanghali sa kabila. Kita n'yo? "Kaya dalawa sa higaan, dalawa sa bukid." Kita n'yo? "Kukunin Ko ang isa sa kanila."

293 At tulad ng sabi ko kaninang umaga, isa sa mga araw na ito ay bumibiyahe ka, na kausap mo ang nanay mo, at paglingon mo'y, wala na siya. Nakaupo ka sa mesa, habang umiinom ng iyong kape o kumakain ng almusal, o anuman, at bigla na lang paglingon mo'y wala na ang tatay mo. Tamang-tama iyan. Darating ito, at hindi nagtin alam kung anong oras. Ngunit ang mahalaga, pagkatapos nito'y tapos na; at wala ka nang magagawa pa rito. Sasabihin mo, "Matagal ko nang narinig iyan." Ngunit maririnig mo ito sa huling pagkakataon. Tama. Mangyayari ito, dahil ito'y Salita ng Panginoon. At tandaan, nabigo ba ito kailanman dito sa walong gabing pangangaral ko, kundi lahat ng sinabi ni Jesus, ay naganap, at natupad sa bawat kapanahunan ng iglesia ng tamang-tama?

294 At nakita natin ang kapanahunan ng iglesiang ito na nasa ganito ring kalagayan, at sa oras na… Maging kaninang umaga sa pagtitipo sa mga birhen, sa oras na ang natutulog na birhen… Ngayon, tandaan n'yo, sinabi ng Biblia na ang natutulog na birhen, nang may sumigaw, "Narito, dumating na ang Kasintahang Lalake," ang pagdating ng Panginoon, ang pangangaral ng Salita ng Diyos… At ano ang nangyari? Malapit na ang panahon, ang mga bomba atomika at lahat ay handa na; tumatakbo sa mga lansangan ang mga mangangaral at nagpasimulang ihiyaw ang mensahe.

295 At nang gawin nila, ang malaking simbahan, ang natutulog na birhen ay nagsabi, "Oh, buweno, matagal na tayong Presbyterian; marahil ay pag-aralan natin at saliksikin. Oo, alam n'yo, naniniwala akong kailangan natin ang Espiritu Santo." At nagpalimbag sila ng mga polyeto at lahat na tungkol Dito ngayon, nagpasimula na sila. At sinabi nila, "Maaari n'yo ba kaming bigyan ng ilan Nito?"

296 At sinabi nila, "Hindi, kasiya lang ito sa amin."

297 Kaya nang umalis sila para kumuha ng Espiritu Santo, nagsipanalangin sila, tulad ng mga iglesia, ang ginagawa ng mga malalaking iglesia ngayon,

kapag inihayag ko ito at naisulat, pag-alis ko'y magpapatuloy pa rin ang mga Salita." May mga isinulat akong kasaysayan na malilimbag sa aklat. At naparito ako para dalhin ito sa iglesia upang saliksikin ang inspirasyon ng Espiritu Santo, dahil sa sarili ko'y hindi ko rin alam ang mga bagay na ito. Totoo iyan. Iya'y sa Pangalan ng Panginoon, tama iyan, "Hindi ko iyan nalalaman."

287 Ngayon, malaya na ang pakiramdam ko. Naramdaman kong dinalhan tayo ng mensahe ng Diyos. Naniniwala akong nasa dulo na tayo. Naniniwala akong ang oras ay narito na para sa maipakilala sa ating kalagitnaan ang kapahayagan ng Diyos. At hindi ko alam kung gaano ito katagal, ngunit ang oras ay malapit na

288 Maghihintay tayo para sa paglitaw ng dakilang yaon. Maaari siyang dumating sa aking panahon: maaari siyang dumating sa susunod na panahon. Hindi ko alam. Maaaring narito na siya ngayon sa ating kalagitnaan; hindi natin masabi. Narito ang Espiritu Santo para pangunahan tayo hanggang sa oras na yaon, at kung manguna sa atin ang pinunong ito, siya'y may pahid din ng Espiritu Santo; ang kalooban ni Elias, siyempre, na darating. Ngunit siya'y magiging isang pinno na pipihit sa mga puso ng anak, o , mga puso ng anak, pabalik sa mensahe ng Ama, pabalik sa ating mensahe ng makalangit

na Ama noong araw ng Pentecoctes nang ibuhos niya ang Kaniyang Espiritu.

289 Na ang munting linyang iyon, iginuhit ko iyon ng singlapit sa kaya kong gawin sa pamamagitan ng mga kasaysayan at Biblia, at ipinakitang ang bagay na yun ay dumating sa pagpapatuloy ng mga kapanahunan ng iglesia, at gayon din ngayon, ipinakitang ang denominasyon ay isang sumpa sa harap ng Diyos. Inaasahan kong naikintal na iyan sa inyong kaisipan, sa pamamagitan ng Biblia, sa pamamagitan ng mga gawa ng mga apostol, sa kasaysayan at lahat na. Na ang…

290 At walang isa mang pagkakataon na inorganisa ng Diyos ang Kaniyang iglesia. Ang ina ng mga organisadong iglesia ay ang hirarkiya ng Romano Catolico. Ang iglesiang Romano Catolico, ito ang ina ng mga organisasyon. At pagkatapos na pagkatapos na mawala ang revival sa alinmang grupo ng Protestante, muli silang bumalik at ginawa ang kaparehong bagay. At sinabi ng Bibliang isa siyang patutot. At ang kaniyang . . . May mga anak siyang babae na mga iglesiang galing sa kaniya. Kailangang babae sila para maging mga patutot. Hayan siya. Kaya tayo'y nasa…

291 Ngunit sinabi rin Niya ito: "Huwag kayong mangatakot, munting kawan, sapagka't nakalulugod na mainam sa inyong Ama na sa inyo'y ibigay ang Kaharian." Kaya nawa'y tayong lahat sa araw na iyon, kayong mga



58 Ngunit nais ko lang magbigay ng aking pahayag tungkol sa kung anong kalalabasan ng anghel na ito, ano'ng inaabangan natin. Ayos lang ba? [Sumagot ang kongregasyon, "Oo! Amen."—Ed.] Dahil maikli lang ang oras natin, isinulat ko na lang ang isang maikling pahayag ng aking palagay.

59 Ang anghel na ito ng iglesiang Laodicea, bilang pagtatapos… Ngayon, darating siya sa dulo ng kapanahunan, tulad ng lahat ng iba pa sa Biblia. Darating siya sa dulo ng kapanahunan. Hindi sa pasimula nito, kundi sa dulo nito, dahil palaging dumarating ang anghel upang sawayin sila sa kanilang mga ginawa. "Sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo ang mga bagay na ito." Kita n'yo?

60 "Sa anghel ng iglesia sa Smirna ay isulat mo ang mga bagay na ito." Kita n'yo? Bawat isa ay sa anghel sa dulo ng kapanahunan. Si Pablo, sa dulo ng kapanahunan. At sa lahat ng iba pa, sa dulo ng kapanahunan. Ang pagsasanib, sa dulo ng kapanahunan. Ang dulo ng kapanahunan ang dahilan ng nagsasanib. Kita n'yo, "Sa anghel," sinasabi kung ano iyon. Ito ay sumasanib dito, "Sa anghel," sa dulo ng kapanahunan. Kita n'yo, itinuloy niya rito, naging gaya ng baytang ng hagdanan paakyat ang pagsasanib, ang pitong kapanahunan ng iglesia...

61 Ngayon, ang anghel na darating sa panahong ito, gusto kong... May isinulat ako rito; nais ko lang itong basahin. Siya'y makikilala sa huling bahagi ng kapanahunan. At dahil napakalapit na natin diyan, napakalapit natin sa kapanahunan ng Liwanag, marahil ay narito na siya ngayon sa lupa. Hindi natin siya kilala. Siya'y magiging isang makapangyarihang propeta na tatanggihan ng kaiglesiahan, dahil magpapatuloy sila sa kanilang mga kasalanan at sa huli'y isusuka sila ng Diyos, mula sa bibig ng Presensya ng Diyos.

62 Naniniwala akong magiging tulad siya Elias. Ibibigay ko ang aking mga dahilan kung bakit. Ngayon, buklatin nga natin sandali sa Aklat ng Malakias. Ipakikita ko sa inyo kung bakit sa wari ko'y mapapahiran siya ng Espiritu ni Elias. Ngayon, nais kong isuot n'yo na ang inyong—ang inyong sumbrero ng biyaya. Magpunta na tayo sa ikaapat na kabanata ng Malakias, makinig kayo habang nagbabasa ako, at kayo naman diyan sa inyong Biblia. Ngayon, mag-isip kayong mabuti ngayon sa loob ng susunod na ilang sandali, bago tayo tumungo sa kapanahunan ng iglesia

*Sapagka't, narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno; at ang lahat na palalo, … at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami, at ang araw na dumarating ay susunog sa kanila, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, na anopa't hindi magiiwan sa kanila ng kahit ugat ni sanga man.*

63 Anu'ng sinasabi Niya? Nangungusap Siya tungkol sa isang araw na parating (Sumasang-ayon ba kayo riyan?), sa araw ng pagdating ng Panginoon.

*Ngunit sa inyo…*

64 Ngayon, tignan n'yo, nangungusap Siya bilang tugon sa Israel. Ngayon, ano'ng sabi Niya?

*Sapagkat, narito, ang araw ay dumaratin ...* (sa malayong hinaharap)… *na magniningas…*

*Ngunit sa inyo na nangatatakot sa aking pangalan… sisikat ang araw ng katuwiran na may kagalingan sa kaniyang mga pakpak; at kayo'y magsisilabas, at magsisiluksong gaya ng guya sa silungan.*

*At inyong yayapakan ang masasama; sapagka't sila'y magiging abo sa ilalim ng mga talampakan ng inyong mga paa sa kaarawan na aking gawin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.* (Hindi . . . Sa araw na susunugin Niya ang mundo, lalakaran natin ang kanilang mga abo. Ang milenyo 'yan, siyempre. Kita n'yo?)

*Alalahanin ninyo… ang kautusan ni Moises na aking lingkod, na aking iniutos… sa kaniya sa Horeb para sa buong Israel, sa makatuwid baga'y ang mga palatuntunan at mga kahatulan.*

*Narito, aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating... ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:*

*At kaniyang papagbabaliking loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang puso ng mga anak sa kanilang mga magulang; baka ako'y dumating at saktan ko ang lupa ng sumpa.*

Ang pagtatapos ng Lumang Tipan.

65 Ngayon, sinabi ni Jesus... Sa Mateo 17:10, nangusap Siya tungkol dito. Lahat ng mga Judio ay nag-aabang sa paparating na Elias. Ngayon, tignan kung ano ang sinabi ni Jesus tungkol dito, Mateo 17:10. Sisimulan natin sa ika 9 na talata, Mateo 17:9:

*At habang sila'y nagsisibaba mula sa bundok, ay iniutos sa kanila ni Jesus, na nagsasabi, Huwag ninyong sabihin kanino man ang... Huwag ninyong sabihin kanino mang tao ang pangitain,...* (Kita n'yo, "Huwag ninyo itong sabihin. Alam ninyo ito, ngunit sarilinin n'yo na lang.*")... Huwag ninyong sabihin kanino mang tao ang pangitain, hanggang sa ang Anak ng tao ay ibangon... sa mga patay.* (Huwag ninyo itong sabihin.)

*At tinanong siya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Bakit nga sinasabi ng mga eskriba na kainakailangang pumarito muna si Elias?* (Bakit



Biblia. At ano ang mangyayari sa kanila? Puputulin sila dahil sa pagtanggi sa mensaheng Pentecostal, at muling babalik ang Diyos sa mga Judio. At maliligtas ang lahat ng Israel, dahil kukunin Niya sila bilang isang bansa, hindi bilang indibidwal. Ngunit sa iyo at sa akin, ito'y indibidwal, dahil naparito Siya para sa Judio.

281 Mga Gawa, sa Aklat ng Mga Gawa, Dumating Siya sa mga Hentil upang kumuha ng isang bayan mula sa mga Hentil para sa Kaniyang Pangalan, ang Kaniyang Nobya. "Isang bayan," isa rito, isa roon, isa roon sa kabila, at nakikipag-ugnayan Siya sa atin bilang mga indibidwal, at anumang lahi, kredo o kulay. Nakikipag-ugnayan Siya sa atin bilang mga indibidwal; ito ang bouquet na ilalagay Niya sa Kaniyang dambana. Ngunit para sa mga Judio, palagi Siyang naklikipag-ugnayan sa Israel bilang isang bansa; sila'y isang bayan ng mga tao, ang Kaniyang bayan.

282 Nagagalak ako ngayong gabi na na nasa atin ang mensaheng ito. At lubos akong nagagalak na nakadalo kayo, at ang inyong pagdalo ay lubos kong pinahahalagahan. Nagpapasalamat ako sa Makapangyarihang Diyos na ipinahintulot Niyang makita ko ang nakita ko ngayon, at maihatid sa iglesiang ito, at ngayo'y wala na ito sa puso. May mga panahong nakipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa puso ko; Hindi ko ito maialis; kailangan kong ipagpatuloy ito.

283 May dalawang bagay na dama kong pinangungunahan akong gawin: Ang pumunta sa Shreveport, Louisiana, para sa pakikipagtagpo kay Brother Moore. Masasabi iyan sa inyo ng maybahay ko na nakaupo riyan. Halos umiyak ako sa loob ng ilang lingo, na gusto kong makapunta sa Shreveport. Bakit? At lahat ng naroon sa Shreveport ay alam na ngayon kung bakit. Wala pa silang nakita o narinig na bagay na tulad nito, galing kung saan-saan ang mga mangangaral, mga Baptists at marami pang iba. Sinabi ng isang lalaki na nang nagpasimula siyang humawak sa icebox, at dumating sa kaniya ang Espiritu Santo at nagsabi, "Magpunta ka sa Shreveport, Louisiana; sasabihin sa iyo roon ang gagawin mo." Sinabi sa kaniya ang pangalan ko at kung saan matatagpuan… Aniya, "Sasabihin niya sa'yo kung anong gagawin mo."

284 Sabi ko, "Bukas ang paliguan sa ilalim ng hagdan. Kailangan mo ng bautismo ng Espiritu Santo." At doon . . .

285 Kaya mga bagay na tulad niyan, nangagsasalita ang mga tao, at—at nagsisipanghula at mga bagay na tulad ng pagsasabi ng mga bagay na naganap doon sa aming kalagitnaan.

286 At sinabi ko, "Kailangan kong pumunta sa Jeffersonville at isulat ang aklat na ito, dahil hindi ko alam kung hanggang kailan ako mananatili rito. Ngunit

at ipakilala ni Jesus ang Kaniyang Sarili, upang tatakan ang sandaan at apatnapu't apat na libo. Hayan ka. Isinasauli ang orihinal na puno pabalik sa—ang pagpapala pabalik muli sa Israel.

276 Hindi tatayo sa labas ng iyong pintuan si Jesus at kakatok sa habang panahon. Darating ang araw na magsasawa Siya at tatalikod, kung gayo'y ikaw naman ang kakatok ngunit hindi mo Siya masusumpungan. Lumapit ka habang may pagkakataon. Lumapit ka habang may pagkatok. Huwag kang makipag-kompromiso sa anumang mas mababa kaysa sa bautismo ng Espiritu Santo gaya ng nakuha nila sa Pentecostes, na nay katulad na tipo ng bautismo sa tubig, ang kaparehong bagay na ginawa nila roon. Huwag mong pahintulutan ang anuman na manahan sa puso mo kaysa riyan.

277 Ngayon, sa inyo na mga kaibigan kong Catolico, may sasabihin ako sa inyo; naniniwala kayo kay birheng Maria. Si birheng Maria, na ina ni Jesus, ay kailangang umakyat sa Pentecostes at mapuspos ng Espiritu Santo at umastang tulad ng isang taong lasing. Kasama siya sa sandaan at dalawampu, tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo, nagsalita ng iba't-ibang wika at doo'y umastang tulad ng isang babaing lasing, sa ilalim ng Espiritu ng Panginoon. At kung kailangang gawin iyan ni birheng Maria para makarating sa kaluwalhatian, papaano kayo makakapasok dito ng hindi sa ganiyang paraan? Isipin n'yo ito. Tama.

278 Mga Baptist… Ang mangangaral na Baptist na iyon na narito ay gustong makatiyak na masasabi rin ito para sa mga Baptist. Iya'y para sa lahat, hindi mahalaga kung sino man siya.

279 Kaya ang pagsapi sa iglesia, pagsasabi ng kredo, at pagtungo sa iglesia kada Linggo ng umaga, ay hindi makapagbibigay sa inyo ng katiting mang kabutihan. Kinukutya mo lang ang Diyos. Dapat ay maging isa kang tunay na Cristiano o huwag na lang. Dapat ay mainit o malamig. Maging nasa labas… Dahil hindi ka maaaring…

Hindi ka makakakita ng isang itim na puting ibon; ni hindi ka rin makakita ng isang lasing na matinong tao; hindi ka makakakita ng isang banal na makasalanan. Hindi, hindi ka makakakita; walang ganoon. Ikaw ay isang puspos ng Espiritu Santo at nabubuhay ang Diyos sa'yo, o hindi ka gayon. Gayon ka o hindi ka gayon.

280 Kaya dapat mong tandaan na nakatayo si Jesus sa iyong pintuan, at tandaang nangako ang Diyos dito na gagawin Niya ito sa mga araw na ito, dahil sa ano? Sa pagtanggi. Anong naging dahilan at naputol ang Israel sa orihinal na puno? Dahil tinanggihan nila ang mensaheng Pentecostal ni Pablo. At naniniwala ka bang ito ang huling kapanahunan ng iglesia? Sinabi ito ng



kailangan munang pumarito si Elias bago dumating ang Cristo, ang Anak ng Katuwiran? Bakit nila sinabi ito? Narito Ka na ngayon, at sinasabi ng mga eskriba na darating muna si Elias.)

Ngayon, masdan n'yo:

*At sumagot siya, at sinabi, Katotohanang si Elias ay paririto, at isasauli ang lahat ng mga bagay.*

*Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at hindi nila siya nakilala,…* (Kita n'yo? Hindi Niya sinabi kung sino siya. Kita n'yo?)... *kundi ginawa nila sa kaniya ang anumang kanilang inibig. Gayon din naman ang Anak ng tao ay magbabata sa kanila.*

*Nang magkagayo'y napagunawa ng mga alagad na si Juan Bautista ang sa kanila'y sinasabi niya.* (Ngayon, ngayon, si Juan Bautista ang Elias na darating.)

66 Ngayon, masdan n'yo, babalikan ko ang ikaapat na kabanata ng Malakias. Ngayon, tandaan, sinabi Niya rito na bago dumating ang dakila at maringal, kakilakilabot na araw ng Panginoon, "Isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta." Sa ika-5 talata:

*Ngunit aking susuguin sa inyo... ang propeta... Aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng...* [Nagsabi ang kongregasyon ng, "PANGINOON."—Ed.]

67 Saan natin masusumpungan ang kaarawan ng Panginoon? Sa dulo ng kapanahunan. Diyan masusunog ang mundo. Naaalala n'yo ba kung paano natin tinalakay na may suot Siyang puting peluka, alam n'yo 'yon, at nabibigkisan ang Kaniyang dibdib. Naaalala n'yo iyon? At pinatunayan natin sa pamamagitan ng Biblia na hindi iyon araw ng Sabbath, o araw ng Linggo; iyon ay ang araw ng Panginoon. Tama ba? At sa araw na iyon ay darating Siya bilang isang Hukom, at sasaktan Niya ang lupa ng sumpa. Tama ba?

*At aking susuguin sa inyo si Elias na propeta bago dumatingang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng PANGINOON:*

68 Ngayon, masdan n'yo ang tambalang pagdating ni Elias. Ngayon, kung mapapansin n'yo, lahat ng Kasulatan ay may tambalang kahulugan. "Ngunit itinago Ito sa mga mata ng pantas at matatalino, at ipinahayag sa mga sanggol na nais matuto." Hindi ba kayo naniniwala riyan? Ngayon, huwag n'yong bitiwan 'yang Malakias.

69 At ngayon, bumalik tayo sandali sa Mateo 2, sa kabilang pahina lamang, Mateo 2. Sa wari ko'y sa Lucas 2 ang ibig kong sabihin sa halip na Mateo 2. Isinulat ko ito rito, ngunit nagmamadali ako kanina, at nilikuban ako ng

Espiritu Santo sa silid, at nasiyahan ako nang husto. Kaya't ang 2 ibig kong sabihin, tignan natin kung ito nga iyon. Ngayon, hayaan n'yong pag-aralan ko ito sandali. Mateo 2, hindi iyan ang hinahanap ko, 'yan na ba? Ngayon, sandali lang, makukuha ko ito sa loob lamang ng… Bigyan n'yo lang ako ng kaunti pang panahon, dahil gusto kong tiyaking makikita n'yo ito, na ang Kasulatan ay may tambalang kahulugan. Ang Pagsamba ni Anna; Ang pagbabalik sa Nazareth; Ang Paskua; Ang Ministeryo ni Juan. Ngayon, hayaan n'yong tignan ko kung Lucas ang ibig ko sanang sabihin. Nagbabasa ako sa isang lugar… Marcos ang ibig kong sabihin sa halip na Lucas, marahil ay Marcos. Ngunit gusto kong makuha ninyo ang Kasulatang ito upang malaman n'yo na gawa ito ng Panginoon, na sa ganitong paraan Niya ito ginagawa. Ngayon, sasabihin ko sa inyo kung anong hinahanap ko, yaong may "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak." Mayroon bang may *marginal reading* na makakakita rito nang mabili o makakahanap nito? "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak, tinawag Ko ang Aking anak." Ngayon, sandali lang.

70 [Isang kapatid na lalaki ang nagsabi, "Lucas 1:17"—Ed.] Lucas 1:17. Salamat kapatid. Tama, Lucas 1. Marcos… Lucas 1:17, sa halip na 2. Gusto kong kunin ang ika-14, kung saan… Ito nga, kapatid. Tamang-tama nga, Lucas 1:17. Sige. Ngayon, maaari na ninyo itong markahan. Ngayon, ano ito, mula sa mga pagpapala ng Panginoon, kaya ito pinagpala.

*At magkakaroon ka ng ligaya at galak; at marami ang maliligayahan sa pagkapanganak sa kaniya.*

*Sapagka't siya'y magiging dakila sa paningin ng Panginoon, at siya'y hindi iinom ng alak ni matapang na inumin.*

71 Ang lilitaw na lalaking ito ay tuturuan mula pa sa kaniyang pagsilang na huwag uminom o huwag magkaroon ng anumang kinalaman sa kasalanang tulad niyon. Nakuha n'yo?

*… at siya'y mapupuspos ng Espiritu Santo, mula pa sa tiyan ng kaniyang ina.*

*At marami sa mga anak ni Israel, ay papagbabaliking-loob niya sa Panginoon na kanilang Dios*.

*At siya'y lalakad sa unahan ng kaniyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid, upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda*

72 Ngayon, ngayon, nauunawaan nating naihula siya, at si Juan ang taong iyon. Tama ba? Si Juan ang Elias ng araw iyon na darating.



At sila naman, kung hindi mangagsisilagi sa di pananampalataya ay mangakakasanib: sapagka't makapangyarihan ang Diyos upang sila'y isanib na muli.

Sapagkat kung ikaw ay pinutol doon sa talagang olibong ligaw, at laban sa kaugalian ay isinanib ka sa mabuting punong olibo: gaano pa nga ang mga ito, na mga talagang sanga, na mangakakasanib sa kanilang sariling punong olibo?]

Hmm.

[Sapagka't hindi ko ibig, mga kapatid, na di ninyo maalaman ang hiwagang ito, baka kayo'y mangag-marunong sa inyong sariling mga haka, na ang katigasan ng isang bahagi ay nangyari sa Israel, hanggang sa pumasok ang kapunuan ng mga Hentil.

At sa ganito'y ang buong Israel ay maliligtas: gaya ng nasusulat. Magbubuhat sa Sion ang tagapagligtas, Siya ang maghihiwalay sa Jacob ng kalikuan:

Sapagkat ito ang aking tipan sa kanila, Pagka aalisin ko ang kanilang mga kasalanan—Ed.]

272 Nakuha n'yo? Sinabi ni Pablo, "Kung lumitaw ang Israel at nasaksihan dito ang mga tanda ng Espiritu Santo, at pinutol…" Tandaan, dahil tinanggihan nila ang mensahe ni Pablo (bautismo sa Pangalan ni Jesus, pagsisisi at bautismo sa Ngalan ni Jesus, mga tanda at kababalaghang lalakip sa mananampalataya), at tinanggihan nila ito… At sinabi nila, "Narito, bumabaling kami sa mga Hentil." Tama ba?

273 Tignan natin, palagay ko'y doon sa—kung saan nila unang tinawag na mga Cristiano ay sa Efeso, tama, sa Antioquia.

274 Ngayon, ngayon, kung ang unang puno ay banal, ang mga sanga nito'y banal, ang orihinal na puno, at dahil hindi nila pinaniwalaan ang mensaheng Pentecostal na ipinangaral ni Pablo (Tama ba?), pinutol sila ng Diyos at kinuha ang isang ligaw na punong olibo, na mga Hentil, tayo yon, at inihugpong tayo upang mabuhay tayo sa sustansya ng punong iyon . . .

275 Ngayon, gaano pa sa panahong ito kung tinatanggihan natin ang mensaheng Pentecostal na bumabang galing sa mga kapanahunan ng iglesia, gaano katindi ang kapangyarihan ng Diyos na baliin ang ligaw na puno mula rito, at pahintulutang ipasok ang iba? Sapagka't tatanggihan Niya ito dahil sa di-pananampalataya. Ngayon, idugtong ninyo iyan sa aralin kaninang umaga. Alam n'yo na kung saan tayo nakatayo ngayon, hindi ba?

Nasa dulo na tayo ng panahon para sa pagkuha sa iglesiang Hentil, ang pag-agaw dito; at ang pagsusugo sa Espiritu Santo upang dumating sa mga Judio,

Pinagtatawanan Siya kapag sila'y nagsasayaw sa Espiritu, at iba pa, noong araw ng Pentecostes. Ang kaparehong siyudad na iyon na nagtawa rito, pinatay sila ni Titus doon, at umagos ang dugo nila sa pintuang bayan. Kinain nila ang kanilang sariling mga anak at lahat na noong siglong iyon.

Tama. Naging pinakamababa ang isa sa pinakadakilang bansa ng daigdig, at nangalat sa ba—apat na hangin ng mundo. Dahil bakit? Sa di-pananampalataya. At iyon ang orihinal na tuod, ang orihinal na puno, ang Israel.

269 At hindi ba sinabi ni Pablo roon? Sino ang nakasumpong sa Kasulatan riyan? Nakuha mo, Pat? Tumayo ka at basahin mo mula ika-15 hanggang sa ika-27 talata.

270 [Binasa ni Brother Pat ang mga sumusunod na mga Kasulatan:

*Sapagka't kung ang pagkatakuwil sa kanila ay siyang pakikipagkasundo ng sanglibutan, ano kaya ang pagtanggap sa kanila, kundi buhay mula sa mga patay?*

*At kung ang pangunahing bunga ay banal, ay gayon din ang lahat: at kung ang ugat ay banal, ay gayon din ang mga sanga.*

*Datapuwa't kung ang ilang mga sanga'y nangabali, at ikaw, na isang olibong ligaw ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo.*

*Huwag kang magpalalo sa mga sanga: datapuwa't kung magpalalo ka, ay hindi ikaw ang nagkakandili sa ugat, kundi ang ugat ang nagkakandili sa iyo.*

*Sasabihin mo nga, Ang mga sanga ay nangabali upang ako ay makasanib*—Ed.]

271 [Nagpatuloy sa pagbasa si Brother Pat:

*Mabuti; dahil sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali sila, . . .]*

Makinig, "Kawalan ng pananampalataya." Sige, ipagpatuloy mo.

[At sa inyong pananampalataya ay nakatayo ka. Huwag kang magpalalo kundi matakot ka:

Sapagka't kung hindi nga pinatawad ng Panginoon ang talagang mga sanga, ikaw man ay hindi patatawarin.

Masdan mo nga ang kabutihan at kabagsikan ng Diyos: ang kabagsikan ay sa nangahulog, datapuwa't ang kabutihan ng Diyos ay sa iyo, kung mamamalagi ka sa kaniyang kabutihan: sa ibang paraan ay ikaw man ay puputulin.



73 Ngayon, alam din nating minsan ay dalawang bagay ang pakahulugan ng Kasulatan. Mangungusap Ito ng isang ***bagay, gaya roon sa Mateo kung saan ay sinabi Nito, "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak." Tama, palagay ko'y iyan ang hinahanap ko, "Mula sa Egipto ay tinawag Ko ang Aking anak." At kung titignan mo ang reperensya (reference) ng "anak" diyan, Siya'y isang… Hindi ito… Babalik ito sa Oseas, na hindi nangangahulugang si Jesus na Kaniyang Anak; ito'y ang Israel na Kaniyang Anak, "Mula sa Egipto ay tinawag Niya ang Israel." Ngunit ito'y may malawak na kahulugan at may mas dakilang kaunawaan dito kung ipatutungkol sa pagdating ni Jesus, na siyang mas dakila kaysa Israel, nang tawagin Niya ang Israel palabas. Tama.

74 Ngayon, nakita rin natin, sa Kaniyang unang pagdating ay hindi sa araw ng Panginoon. Tama ba? Ngayon, bumalik tayo kay Malakias, linawin muna natin ito, "Pagdating sa araw ng Panginoon." Ngayon, tignan ninyo ang Kaniyang malawakang pagdating, ang una Niyang pagdating at ang Kaniyang pangalawa. Handa na ba ang inyong ispirituwal na pag-iisip? Ika 6 na talata ngayon.

*Kaniyang . . . Isusugo Niya si Elias bago ang dakila at kakilakilabot na araw ng PANGINOON: . . .* (Tama ba?)

75 Ngayon, napag-unawa natin na hindi iyan si Juan, dahil hindi ito ang kakilakilabot na araw ng Panginoon, hindi ba? At hindi rin Niya sinunog ang mundo. Kaya marahil ay nangangahulugan ito ng isang preview, o isa pang pagdating sa hinaharap ni Juan—o ni—ni Elias. Tama ba? Dahil sinabi Niya, "Isusugo ko si Elias, at Aking susunugin ang buong mundo, at lilinisin Ko ito, at lalakad kayo sa kanilang mga abo." Iyan ang milenyo, alam natin iyan. Matapos na pasabugin ito ng bomaba atomika, kung gayo'y aayusin na ang mundo. At magkakaroon ng dakilang araw dito nsa lupa, at maghahari ang iglesiang kasama ni Jesus sa lupa sa loob ng sanlibong taon. Tama ba? "Ngunit bago ang dakila at kakilakilabot na araw ng Panginoon, kung saa'y sasambulat ito, isusugo Ko sa inyo si Elias na propeta." Tama ba? Kaya hindi si Juan Bautista ang tinutukoy sa panahong iyon, dahil hindi iyon ang kakilakilabot na araw ng Panginoon: dalawang libong taon na ang lumipas. Tama ba?

76 Ngayon, tignan n'yo ang kasunod na talata, at kung magiging tunay na ispirituwal kayo ngayon… Ngayon, isang liham ito ng pag-ibig, at kailangan mong basahin ang pagitan ng mga linya at kung gayo'y mauunawaan mo. Alam n'yo ang ibig kong sabihin.

Natatandaan n'yo kung paano ko sinabi ang Kasulatan na, "Pinasalamatan ni Jesus ang Diyos dahil itinago Niya Ito sa mata ng mga pantas at matatalino, at ipinahayag Ito sa mga sanggol"?

77 Gaya ng palagi kong paglalarawan tungkol sa aking asawa kapag sumusulat siya sa akin ng isang liham; nakikita ko ang sinasabi niya sa sulat, ngunit binabasa ko ang pagitan ng mga linya upang malaman ang ibig niyang sabihin (Kita n'yo?), dahil mahal ko siya at alam ko ang kalikasan niya. At kailangan mong malaman ang kalikasan ng Diyos at mahalin Siya, at ang mga Kasulatan ay magiging malinaw sa'yo. Ipapahayag Niya ito.

Ngayon, tignan n'yo ang kasunod na talata:

At papagbabaliking loob niya ang mga puso ng mga ama sa mga anak . . . (Ngayon, tignan.) . . . at ang mga puso ng mga anak sa mga ama, . . . (Kita n'yo?)

78 Ngayon, nang dumating si Juan bilang Elias, ipinanumbalik niya ang puso ng mga Israelita, ang mga puso ng mga anak na tumanggap sa mensaheng ito, ang mga puso ng mga ama sa mga anak. Ngunit sa pagdating niya sa panahong ito, papagbabaliking loob niya ang mga puso ng iglesia pabalik sa mga amang Pentecostal.

Kita n'yo, baligtad ito roon. Nakuha n'yo? Ngayon, basahin natin.

79 Ngayon, makinig kayong mabuti:

At papagbabaliking loob niya ang mga puso ng mga ama sa mga anak, . . .

80 Ang matandang paring orthodox; sasabihin niya sa kanila na… Oh, ito'y… "Aba'y, kaya ng Diyos na magpalitaw ng mga anak kay Abraham mula sa mga batong ito. Huwag ninyong isipin na kaya ninyong…" Kita n'yo? Ngayon, kaniyang kukunin ang mga puso ng mga matatandang kalyadong paring orthodox at pihitin ang kanilang mga puso sa pananampalataya na taglay ng mga anak dito. Kita n'yo? Ngayon, lahat ito na nabautismuhan at naghihintay sa darating ma Mesiyas, "Sinong nagbabala sa inyo, kayong lahi ng mga ulupong, na magsitakas sa galit na darating?" Ay, naku. Ngayon, kita n'yo, pinanunumbalik niya ang mga puso ng mga ama sa mga anak.

81 "At ang mga puso ng mga anak sa mga ama…" Ngayon, kapag dumating itong dakilang Elias sa dulo ng kapanahunan, dadalhin niya ang mensahe ng Pentecostes upang ipanumbalik ang mga anak sa pananampalataya ng mga ama, dahil sasawayin niya sila sa hindi nila pag-iingat nitong kaparehong pananampalataya na naroon sa pasimula. Amen. Ngayon, naniniwala ako na



kasama Ko." Iyan ang mensahe sa iglesiang Pentecostal. Hindi nagsisikap na buhayin ang organisasyong Pentecostal, kundi buhayin ang pagpapalang Pentecostal sa bawat indibidwal na puso. Iyan lang ang tanging paraan. "At Ako'y hahapong kasama niya, at siya'y kasama Ko."

263 Ano ang ginawa ng mensahero sa iglesia—ang itinuturo ng mensahe sa iglesia kung gayon, anu'ng itinuturo sa atin? Hindi ang paglago sa Espiritu. Hindi po. Ang paghihina sa Espiritu; may panghihina tayo sa lahat ng oras. Ang mga mensahero sa iglesia at ang mensahe sa bawat kapanahunan ng iglesia ay humahatol sa denominasyunalismo. Bawat mensahe sa iglesia, ang iglesia'y pahina ng pahina at hindi nakikinig dito. Ang mensahe sa iglesia'y bumabalewala sa mga denominasyon. Gumagawa ito ng mga hybrid na Cristiano, mga nagkukunwari (Tama.), na walang alam tungkol sa Diyos o sa Espiritu Santo. Sing-totoo iyan ng pagkakatayo ko rito sa entablado ngayong gabi. Ang mga maiinam na mala-hiningang mga miyembro, upang isuka lang mula sa Kaniyang bibig . . .

264 Nagbabala si Pablo, ang Hentil ay isang sanga. Ngayon, gusto kong ang ilan sa inyo, kung magagawa n'yo, na bumuklat sa Mga Taga-Roma, ika-11 kabanata, mula ika-15 hanggang ika-27 talata, upang mamarkahan ninyo, kayong lahat. At ngayon dahil gabi na, sisipiin ko ito sa inyo ngayon bago tayo umalis, dahil ito'y isang . . . Ngayon, Mga Taga-Roma, kung gusto ninyong itala, 11:15 hanggang 20—hanggang 27. Sinabi ni Pablo sa kanila, nangungusap sa mga Hentil doon, ang mga Taga-Roma, aniya, "Kung ang Diyos . . ." Ngayon, makinig kayo habang papatapos na tayo sa mga kapanahunan ng iglesia. Sinabi ni Pablo, "Kung hindi nga pinatawad ng Diyos ang orihinal na punong olibo, kundi pinutol ito dahil sa di-pananampalataya" . . . Tama ba? Anong dahilan ng pagkaputol sa kanila? Dahil tinanggihan nila ang Pentecostes. Tama ba? Pinagtawanan nila at pinusong ang Espiritu Santo noong araw ng Pentecostes.

265 Noong si Jesus ay narito sa lupa, sinabi Niya… Tinawag nila Siyang Beelzebub, sinabing Siya'y diyablo;"Siya'y isang mangkukulam," at iba pa.

266 Sinabi Niya, "Patatawarin Ko kayo riyan, ngunit sa pagdating ng Espiritu Santo, huwag kayong mangusap ng laban Dito; dahil kapag nangusap kayo laban Dito, hindi ito ipagpapatawad sa inyo."

267 At tandaan ng atasan ni Jesus ang Kaniyang mga alagad na huwag pumunta sa mga Hentil(Tama ba?), ngunit sa halip ay puntahan ang nawawalang tupa ng Israel.

268 Papaano nila hinatulan ang kanilang mga sarili? Sa pagpusong sa Espiritu Santo, sa pagtawag sa Espiritu ng Diyos bilang maruming bagay.

257 Ano sa tingin n'yo ang mangyayari sa iglesiang Methodist kapag lumagpak ang Espiritu Santo sa iglesia, at magpasimula silang magsigawan, maglulundag, magsalita ng iba't-ibang wika at umastang tulad ng isang lasing, isang pangkat ng mga lasing na tao? Aba'y, patatalsikin ng Kalipunan ang iglesiang iyon ng Methodist mula sa Kalipunan. Alam n'yo iyan. Anu'ng mangyayari sa iglesiang Baptist kapag nangyari ito? Ang kaparehong bagay. Sa mga Pentecostal? Aba'y marami sa kanila ang ganito rin ang mangyayari. Tiyak. Opo, hindi sila makikisama sa walang kuwentang bagay na 'yan. Sasabihin nila, "Aba'y sisirain nila ang mga bagong carpet natin." Uh-huh, totoo. Naku. Naku. Isang kaawa-awang bungkos sila. Tama.

258 Buweno, tama, minsan nila Siyang nakasama, lumakad Siya sa kanila sa kalagitnaan ng pitong kandelerong ginto. At narito ang sagot: ang mga denominasyon at ang kanilang mga makamundong bagay, ang kanilang mga obispo, mga kardinal, at ang lahat ng kanilang pagiging makamundo, ang nagpatalsik sa Kaniya at hindi nila Siya kinasabikan. At ang iglesia…

259 Ngayon, anu'ng gagawin natin para makapasok Siyang muli? Kung Siya'y nasa labas ng iglesiang Pentecostal ngayon, anu'ng gagawin natin para makapasok Siyang muli? Kakailanganin ba ng lubos na nagkakaisang boto ng mga tao para maibalik Siya? Kakailanganin ba ng paghalal ng isang bagong papa, o bagong kardinal? O kaya'y kakailanganing magtayo ng isang bagong denominasyon. Hindi ito pupuwede. Hindi ito uubra. Hindi ito magagawa ng isang bagong denominasyon; hindi ito magagawa ng i—i—isang bagong kardinal; hindi ito magaga ng isang bagong pastor, hindi ito magagawa ng isang malaki ang bayad na evangelista. Walang anumang bagay sa mundo ang makagagawa nito kundi ikaw mismo. Papaano natin Siya mapapapasok? Hindi sa pamamagitan ng boto. Hindi po. Hindi natin iboboto si Jesus para bumalik, dahil hindi Siya papasok.

260 Pakinggan n'yo ito, narito, "Kung sinuman ang duminig ng Aking tinig at magbukas ng pinto." Ngayon, alam natin kung ano ang pinto kung gayon. "Kung sinuman ang magbukas ng pinto, at duminig ng Aking tinig…"

261 Hindi—hindi "kung anumang iglesia, kung anumang organisasyon…" Hindi po. Hindi Siya nakikipag-ugnayan sa kanila; sila'y patay na at wala na sa pasimula pa lang. Kinapopootan Niya ito, palagi Niya itong kinapopootan. Sinabi Niyang kinapopootan Niya ito. Kinapopootan pa rin Niya ito ngayong gabi.

262 "Ngunit kung sinuman," sinumang Methodist, sinumang Baptist, sinumang Presbyterian, sinumang Catolico, sinumang taga Church of God, taga- Nazarene, taga-Pentecostal." Sinuman na dirinig ng Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako'y papasok at hahapong kasama niya at siya'y



lubos na nating nauunawaan na ito'y si Elias. Hindi ba? Ngayon, alam natin ito.

82 Hindi ito naganap ngayon (Kita n'yo?), hindi dumating ang kakilakilabaot na araw ng Panginoon. Lagi kong pinag-iisipan, "Magiging isang mangangaral lang ba ang lalaking ito, kung gayon?" Si Elias ay gumawa ng lahat ng mga himala, walang pangangaral. Ngunit nang ang kaniyang Espiritu ay mapasakay Juan, nangaral Ito ng husto at walang ginawang anumang himala. Bakit? Susunod na sa kaniya si Jesus; Siya ang gagawa ng mga himala, "Sapagka't sisikat ang Araw ng katuwiran," sabi niya, "na may kagalingan sa Kaniyang pakpak." Kaya hindi na kailangang gumawa ng mga himala ni Juan; inanunsyo lang niya ang pagdating ni Cristo. At kanilang…

83 Ngayon, tandaan, at ang Juang ito—o itong Elias na darating, ay hindi mauunawaan; magiging isang makapangyarihang lalaki siya sa harap ng Panginoon na anupa't iisipin ng mga tao na siya mismo ang Mesiyas.

84 Dahil ang mga matatalik niyang kaibigan ay nagsabi sa kaniya, "Ikaw ang Mesiyas."

85 Aniya, "Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng Kaniyang panyapak, ngunit darating Siya sa aking hulihan."

86 Dahil nasa ilalim sila ng pag-aasam noon na makita ang Mesiyas. Alam nilang darating ang Mesiyas. Nang makita nila itong dakilang pangyayari na lumitaw sa kalagitnaan nila, ika nila, "Siya ang Mesiyas."

87 Sinabi ni Juan, "Hindi ako ang Mesiyas. Ngunit susunod Siya sa akin."

88 Ay, naku. Nakuha n'yo? Kaya iisipin ng malalapit niyang kaibigan na siya ang Mesiyas.

89 Ngayon, pansininn isa pang bagay ang mangyayari sa ganitong paraan; darating siya bago ang kaarawan ng Panginoon. Ngayon, hindi nasunog ang mundo sa mga araw ni Juan, kayo gayon din sa hinaharap. Nang dumating siya noong una, nangaral lang siya; noong ikalawa, gagawin niya kapuwa ang pangangaral at mga tanda na ipinangako ni Jesus Cristo. Tama, ngayon, tignan natin ang kalikasan, ano ito, ang kalikasan nitong darating na propeta.

90 Ngayon, kumbinsido tayo na ang anghel ng huling kapanahunan ng iglesia, ay inihula na mula pa sa Lumang tipan; ang iba sa kanila'y hindi. Si Pablo, si Irenaeus, hindi sila inihula. Ngunit itong huling panahon, sa dulo ng kawakasan, sa katapusan ng sanlibutan, ito'y magiging isang dakilang panahon sa unahan natin, hanggang sa ang anghel ng panahong ito ay naihula sa buong Kasulatan, ang Lumang Kasulatan, ang dulo ng panahong ito. Ito'y si Elias, ang dakilang pinahiran.

91 Ngayon, tignan n'yo. Anong uri ng kalikasan magkakaroon si Elias? Una, siya'y magiging isang makapangyarihang propeta na tapat sa Salita ng Diyos, dahil si Elias at si Juan ay tapat. Tama. Gagawa ng mga tanda at mga himala, panunumbalikin ang mga puso ng mga anak pabalik sa pananampalataya ng mga amang Pentecostal. Kamumunian niya ang denominasyon na gaya ni Elias. Tama, magiging gayon siya. Palagay ko'y nasimulan na natin ang mga bagay na ito para sa kaniya, at panahon na upang maganap ito. Kamumuhian niya ang mga denominasyon. Kinamuhian sila ni Elias, at gayundin naman si Juan.

92 Sinabi ni Juan, "Huwag kayong lumapit, at mag-isip na, 'Ngayon, ama namin si Abraham.' Kayong mga Fariseo at mga Saduceo, kayong bungkos ng mga ulupong (sa ibang salita'y mga ahas sa damuhan.), dahil sinasabi ko sa inyo, magagawa ng Diyos na magpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito."

93 Sinabi ni Elias, "Lahat sila'y nangaligaw, bawat isa sa kanila. Wala ng nalabi kundi ako lang." Ay, naku.

94 Kamumuhian din niya ang mga mahahalay na kababaihan. Gayon si Elias: Kay Jezebel. Tama ba? Gayundin si Juan: Kay Herodias. Ang dalawang propetang iyon, ang Espiritu, magkatulad na Espiritu. Kinamuhian nila ang daigdig ng denominasyon, ang daigdig ng iglesia. Kinamuhian din nila ang mahahalay at hindi mabuting kababaihan. Sila'y… May kung ano sa kanilang Espiritu na humihiyaw laban sa bagay na'yun. Puntirya ni Jezebel ang ulo ni Elias at tinangka niyang pugutin ito; at pinapugutan din ng ulo ni Herodias si Juan. Pareho silang…

95 Ang propetang ito'y magiging maibigin sa ilang, tulad ni Elias; namuhay siyang mag-isa sa ilang: Si Juan ay mag-isa sa kagubatan. At alam nating magiging gayon si Elias. Tama.

96 At ang propetang ito'y mananatiling tapat sa Salita ng Diyos. Oo, mananatili siya Rito, sa buong Salita. Para ano? Upang isauli ang pananampalataya sa iglesiang Efeso, na naiwala sa buong kapanahunan, pananampalataya sa iglesia na may pintuang bukas sa harap nito at tinanggihan.

97 Hindi aral na tao: Si Elias ay hindi aral na tao, isang Tisbhita. Si Juan ay hindi aral na tao. Lucas 1:67, sinabi ng Bibliang siya'y—na ang bata ay nasa . . . Sa sandaling siya'y isilang, dinala siya sa ilang, nanatili sa ilang hanggang sa araw na ipakita siya sa Israel. Tama.

Unang—Lucas 1:67 hanggang sa ika 80 talata, kung nais n'yo itong markahan.



paghalik sa Aking paa. Ngayon, gusto Kong sabihin sa'yo: ang kaniyang mga kasalanan, na marami, ay ipinagpatawad sa kaniya." Tama, walang anumang sinabi patungkol sa kaniya. "Ang iyong maraming mga kasalanan, ay ipinatawad na."

253 At ngayon kapag si Jesus; nakatayo sa labas ng pintuan ng mga organisasyong Pentecostal, mga organisasyong Baptist, mga organisasyong Methodist, nagsisikap na makabalik muli sa Pentecostes, at nilalampasan lang Siya ng mga tao. Matapos na ang inyong pagiging makamundo at lahat na ay maitulak Siya sa labas ng iglesia, nakatayo pa rin Siya, nagsisikap, umiiyak para makabalik muli. At, oh, ito ang pinaka-nakakaawang bagay na nakita ko sa buhay ko. Hindi nila Siya kailangan. Naroon Siya sa labas, kumakatok, nagsisikap na makapasok. Iyan din ang kaparehong bagay na sinisikap Niyang gawin. Bakit? Bakit? Nasa labas Siya.

254 Hindi naman nila Siya inihagis palabas. Umaawit pa rin sila para sa Kaniya, nangangaral tungkol sa Kaniya, ngunit hindi nila Siya kinasabikan sa kanilang kalagitnaan. Tama. Nagpapatuloy pa rin sila. Bakit? Mga korta-bista sila. Nakatingin sila sa kanilang malaking gusali. Mayaman sila. Nakatingin sila sa malaking organisasyong kinaaaniban nila, sinisikap pang palakihin ito, makakuha ng marami pang miyembro at hindi nila Siya kinasasabikan. Hindi, hindi. Hindi nila kinasabikan ang pagsasalita ng iba't-ibang wika. Hindi nila kinasasabikan ang dakila at mga makapangyarihang mensahe ng Diyos na bumabaon sa puso at nagtutuli ng puso, na naghihiwalay sa mga bagay ng sanlibutan at binabalatan kang tulad ng isang mais. Oh, kanilang . . .

255 Kapag nangaral ka ng tulad niyan sa kanilang iglesia, itataboy ka nila. At iyan ang paraan ng pangangaral ng Espiritu Santo. Sinabi ni Jesus, "Kayong mga lahi ng ulupong. Ka—kayong mga ahas sa damuhan." At gayundin ang ginawa ni Juan, at mga dakilang pinahirang lalaki, palagi silang binabalatan. Tama.

256 Ngunit hindi nila Siya kinasabikan, dahil wala sila niyaon. Kita n'yo? Kaya mayroon silang munting mabulaklak na bagay na tumatapik sa balikat, at nagsasabing, "Umanib ka lang, itala mo lang ang pangalan mo rito, at isasama ka namin sa talaan. At humayo ka't kunin mo ang iyong papel mula sa ibang iglesia at tatanggapin ka namin, at iba pa. Ngayon, magkano nga pala ang ipapangako mo kada taon?" Nakita n'yo, iyan yun, "Mayaman, hindi nangangailangan ng anuman." Oh, ngunit nangangailangan ka ng pinakadakilang bagay at wala ka nito, nakatayo si Jesus sa labas na nagsisikap makapasok muli sa Pentecostes.

245 At itong pobreng patutot na naroon, umiiyak, nananangis. At ang nangyari alam n'yo, narito't nakatayo si Simon, ang malaking taong dapat… siya ang nag-anyaya sa Kaniya, aniya, "Uhm, uhm, uhm, uhm. Ipinapakita nito kung Siya'y isang propeta o hindi, malalaman Niya kung anong klase ng babae ito." Ang ipokritong iyon.

246 Kaya pagkatapos niyang… At hindi iginalaw ni Jesus ang Kaniyang paa; naupo lang Siya at nakatingin sa kaniya't pinagmamasdan siya. Oh, gusto ko iyan. Hindi ang malalaking bagay na ginawa natin; kundi yaong maliliit na bagay na nakakaligtaan natin minsan. Pinagmasdan Niya siya, pinagmasdan habang nakaupo roon. Walang sinumang pumapansin sa Kaniya; at sa wakas, naroon siya't umiiyak at hinuhugasan ang Kaniyang paa, tila may nakapansin, nakuha ang atraksyon ng tao. At pinagmamasdan lang Niya siya; hindi Siya nagsasalita ng anuman.

247 Nakatayo roon si Simon, aniya, "Uhm. Nakita n'yo kung siya'y isang propeta o hindi, hindi ba? Sinabi ko sa inyo. Sinabi ko sa inyo. Kung isa siyang propeta, dapat alam niya kung sino ang babaeng iyon. Nakita n'yo, tayo ang pinakamalaking iglesia rito. Kita n'yo, alam natin. Alam nating hindi siya isang propeta, dapat ay alam Niya."

248 Matapos siyang… Pagkatapos niya, tumutulo ang mga luha ng pagsisisi sa kaniyang pisngi, ng mahugasan ang paa ni Jesus. Kaniyang… Palagay ko'y nakadama Siya ng konting kaginhawaan.

249 O Diyos, gusto ko sanang naroon ako. Huhugasan ko ulit iyon. Opo.

250 Oh, hindi ba't mahihirapan ng husto ang isang babae na magpunas ng paa gamit ang kaniyang buhok ngayon? Kakailanganin niyang tumayo sa kaniyang ulo para magawang mapunasan ito ng buhok. Dahil pinutol nyang lahat ito.

251 Ngunit doon, ang paa ni Jesus, walang pumapansin…(kritikal), nakaupong kahiya-hiya, napakarumi ng Kaniyang paa. Hinugasan niya Siya. Pagkatapos niya, tumingin Siya sa kaniya na para bang sinasabi, "Sige."

252 Tumingala Siya, at nagsabi, "Simon, may sasabihin Ako sa'yo. Inanyayahan Mo ako rito, at hindi mo Ako sinalubong sa pintuan. Hindi mo Ako binigyan ng tubig upang ipanghugas sa Aking paa. Hindi mo nilangisan ang Aking ulo nang pumasok Ako, para matanggal ang init ng araw sa Akin. Hindi mo Ako binigyan ng halik ng pagtanggap nang pumasok Ako. Ngunit ang pobreng babaing ito (Ay, naku.) itong taga-labas, isang patutot sa lansangan, walang siyang tubig na panghugas sa paa Ko, at hinugasan niya iyon ng kaniyang mga luha. Wala siyang anumang pamunas nito, kaya ginamit niya ang kaniyang buhok; pinunasan niya ito. Wala siyang tigil sa



98 Ang propetang ito'y magiging isang lalaking malungkutin. Si Elias, matapos ang kaniyang dakilang pagtitipon, walang sinumang makaunawa sa kaniya. Si Elias ay may sumpong. Nang naroon siya't tumawag ng apoy mula sa langit at sunugin ang mga dambana ni Baal at lahat na, tumakbo siya sa ilang ang sinabi niya, "Panginoon, hindi ako mabuti kaysa aking mga magulang; kunin Mo ang buhay ko." Tama ba iyan? At si Juan… At nahiga siya sa ilalim ng punong kahoy na enebro, at pagkatapos ng dakilang revival, ngayo'y gusto na niyang mamatay.

99 At si Juan, nang ibilanggo nila siya, itong masamang babae, naupo siya roon at nagsimulang maging malungkutin. Sa wari ko'y si Pember o isa sa kanila ang nagsabi, "Lumabo na ang kaniyang matang agila roon sa kulungan." Isinugo niya ang ilang sa kaniyang mga alagad.

100 At, aba'y, inihayag niya Ito, aniya, "Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Nakita ni Juan ang Haliging Apoy na nasa ulunan Niya na tulad ng isang Kalapati, at bumaba't nanahan sa Kaniya: nakita niyang lahat ito, at ika niya, "Iyan ang Cordero ng Diyos." At sabi pa niya, "Kinakailangan ko na ako'y Iyong bautismuhan, at bakit Ikaw ang pumarito sa akin?"

101 Sinabi ni Jesus, "Payagan mo na ngayon."

102 Ngunit nang ibilanggo nila siya, madali siyang pinanghinaan ng loob (Kita n'yo?), tila mahirap, hirap siyang maibangon. At nang gawin nila, aniya, "Humayo kayo, tanungin n'yo Siya kung Siya na ba, o maghihintay pa kami ng ibang darating?" Katulad na katulad ng ginawa ni Elias (Kita n'yo?), magkatulad.

103 Kita n'yo, isang lalaking sumpungin, kaya nakadarama tayo para sa kaniya, dahil alam natin kung paano iyan. Tama.

104 Ngayon, ngayon, sa… Ang—ang iglesia, sa kaniyang kapahayagan… Maigi sigurong iwan muna iyang isang iyan. Sa kaniyang kapahayagan, ang iglesia… Nang ipakilala niya ang kaniyang sarili, itong makapangyarihang si Elias na isusugo sa atin, nang ipahayag iya ang kaniyang sarili tulad ng ginawa ni Elias, handa na ang iglesia para mailigtas, nailigtas mula sa mga kamay ng paganismo. Tama ba? Nang umakyat siya roon at nagsabi, "Patutunayan natin kung Sino ang Diyos," iniligtas ni Elias ang iglesia. At si Juan, gaya ng ginawa ni Juan, ika niya ng makita niya si Jesus, aniya, "Kinakailangan kong bumaba at Siya ang madakila." Nagsimulang mangaral ni Juan at ipakilala ang kaniyang sarili bago dumating ang Panginoon, doon sa dulo, ang kapahayagan. Sige.

105 Ngayon, nakita nating si Elias ang siyang kahulugan ng kapanahunan ng iglesiang ito… Upang patunayang ito'y si Elias, matapos ibigay ni Elias ang kaniyang hula… Hindi kailangang mamatay ni Elias; siya'y inilipat at dinala sa langit, isang tipo ng iglesia sa dulo ng Elias na ito na darating. Sa dulo ng kaniyang panahon, ang iglesia'y aagawin, na hindi na dadaan sa anino ng kamatayan, Ito ang magiging pag-agaw. Naniniwala akong ang dakilang si Elias, ang dakilang lalaking darating, ay ang pinahirang si Elias na inihula sa huling araw. Amen. Palagay ko'y siya, sa kaniyang pagdating, ang anghel, o ang mensahero sa iglesia sa mga huling araw (mga tinanggihan, abang mga tao, na siyang hahantungan ng iglesiang ito, at gayon na nga). Sa palagay ko'y inihula si Elias sa Biblia. Palagay ko'y maiintindihan natin iyan, na si Elias ang siyang ipinangako sa Bibliang darating sa araw na ito. Naniniwala ba kayo riyan?

106 Ngayon, dumako tayo ngayon sa Laodicea, at makikita natin kung ano ang sasabihin sa atin ng Panginoon ngayong gabi tungkol sa Laodicea, ang laodicea. Tama, ang pagbati sa iglesia:

. . . sa anghel ng Panginoon . . .

107 Ang ika14 na talata ng Ikatlong kabanata ng Apokalipsis:

. . . sa anghel ng Panginoon . . . sa Laodicea ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Diyos;

108 Ay, naku. Nasa atin ang lahat… Kung may magdamag tayo para riyan, ipahahayag iyan sa atin ng Panginoon… Tignan.

109 Ang "Amen" ay ang "Hulihan." Nagpakita Siya sa paglipas ng panahon sa iba't-ibang mga bagay, ngunit dito sa huling kapanahunan ng iglesia kung saan nagsabi, "Ako ang… Ito ang katapusan; Ako ang Huli."

110 Ngayon, upang ipakitang Siya rin ang "Una," tulad ng kung sino Siya, Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Oh, nakuha n'yo ba ito? Kita n'yo? Papaanong ang Diyos ay malilikha na Siya'y isang Espiritu? Papaano Siya magiging gayon? Siya'y eternal. Hindi Siya nilalang; Hindi Siya malalalang kailanman, dahil Siya'y Diyos sa pasimula. Ngunit Siya na pasimula ng paglalang ng Diyos ay si Jesus Cristo nang Siya mahayag, nang manahan ang Diyos sa Kaniya. Siya ang nilalang ng Diyos. Ay, naku. Kita n'yo? "Ang Una at ang Huli, ang Amen, ang pasimula ng paglalang ng Diyos." Nang lumikha ang Diyos sa Kaniyang Sarili ng isang katawan, bumaba Siya at nanahan dito, iyan ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Kita n'yo? Oh, hindi ba't kamangha-mangha Siya?



239 Nakaupo roon si Jesus na may maruming paa. At isang patutot sa lansangan, nakita ko siyang bumaba, tignan natin siya sa ilang sandali. Nakita ko siyang nagtungo sa tindahan, at sinabi niya, "Ako'y…" At nagpasimulang tumulo ang mga luha sa kaniyang pisngi, at sinabi niya, "Hin—hindi ko magagawa. Kapag dinala ko ang bagay na ito roon, malalaman Niya kung saan galing ang perang pinangbili ko nito. Alam Niya kung paano ko ito nakuha, ngunit ito lang ang mayroon ako."

240 Iyon lang ang gusto Niya. Iyon lang ang gusto Niya. Hindi mahalaga sa Kaniya. Lumapit ka lang, "Wala akong madadalang anuman."

241 Kaya bumili siya ng ungguwento at dinala niya ito. At umakyat siya roon at naisip niya, "Oh, kung makikita ko lang Siya." At pumuslit siya at nakapasok sa pintuan galing sa kung saan.

242 At, hindi, hindi nila Siya tinanggap. Kaya kinuha niya ang sisidlang alabastro at binasag ito at ibinuhos niya sa Kaniyang paa, at nagsimulang hugasan ang Kaniyang paa. At umiiyak siya, "Oh, Siya nga ito. Siya ang palagi kong nababasa sa Biblia. Alam kong makikilala Niya ito." At ang nangyari alam n'yo . . . Anong gandang tubig para sa Kaniyang paa, mga luha ng pagsisisi na pumapatak sa Kaniyang paa.

Wala siyang basahan para ipamunas sa Kaniyang paa, kaya ginamit niya ang kaniyang buhok. Lumadlad ang magagandang kulot na buhok, dumadaloy ang luha sa kaniyang pisngi na gaya niyan. Hinugasan niya ang Kaniyang paa, at paminsan-minsa'y [Gumawa si Brother Branham ng tunog ng halik—Ed.] hinahalikan niya ang Kaniyang paa, hinuhugasan ang Kaniyang paang gaya niyan.

243 Marumi ang paa ni Jesus, at walang pumapansin dito. At ngayon taglay Niya ang isang maruming pangalan bilang isang holy-roller, ganiyan o anumang gaya niyan, at walang apdo ang mga tao para manindigan para sa Kaniya.

This consecrated cross I'll bear,

Till death shall set me free,

I'll take the way with the Lord's despised few,

I've started in with Jesus,

O Lord, You take me through. (Ipasok Mo ako, Panginoon, anuman ang kapalit.)

244 Mayroon ako, tulad ni Jacob, ng bato bilang unan. Anong pinag-iba nito? Kung ano ang ginawa Niya para sa akin.

nilangisan, tinanggalan ng putik at duming nakuha kung saan Siya naglakad; nagpapawis ang Kaniyang damit, nadala ang mabahong amoy ng kalsada kung saan naglalakbay ang mga kabayo at iba pa, at dumikit ang amoy na iyon sa Kaniya.

232 Palagi nilang hinuhugasan ang kanilang mga paa; iyon ang kaugalian. At ang taga-paghugas ay nakabantay sa pintuan. At kapag dumating ang lalaki, huhugasan nila ang kaniyang paa, at aabot ng isang pares ng tsinelas na kasya sa kaniya, at ipasusuot. At nilalangisan nila ang kaniyang ulo, at sila'y pinababanguhan, at maging ang paso sa kaniyang leeg dahil sa sikat ng araw, susuklayan siya. Papasok na siya.

233 At ang pagtanggap nila sa panauhin, ngayon, ganito ang kanilang gawi. Tumayo ka muna rito sandali, Pat, may gusto akong ipakita sa inyo. Ganito nila ito ginagawa. Tinatanggap nila ito ng ganito. Ngayon, sa palagay ko . . .

Hindi, dito, palagay ko'y parang ganito ang gawi nila, ang pagtanggap ng ganito (Kita n'yo?), at nagyayakapan sila. At siya'y tatanggapin.

234 Ngunit nang dumating si Jesus sa kapistahang ito, tulad ng pagdating Niya ritosa kapistahan ng Pentecostal, nakaligtaan Siya ng ilan. Masyado silang interesado sa kanilang mga ginagawa, ang mga obispo at iba pa ay naroon. Inimbitahan si Jesus ngunit walang sinumang naghugas ng Kaniyang paa. At nakaupo Siya roon sa sulok; ni hindi nga nila alam na naroon Siya, nagpuputik ang paa, marumi, at panay alikabok.

235 At mayroong isang mahirap na patutot doon sa lansangan, lumapit siya roon; kakaunti lang ang kaniyang pera sa kaniyang sisidlan. At tumingin siya at nakita niya si Jesus na nakaupo roon at marumi ang paa. Nadurog ang kaniyang puso. Sabi niya, "Iyon ang Lalaki na nagpatawad sa babaeng iyon ng kaniyang mga kasalanan. Iyon ang Lalaking narinig kong nagpapagaling. Bakit hindi nila Siya pinapansin?"

236 Dahil naroon ang mga obispo at lahat na, hindi nila Siya pinansin. Doon ay Kaniyang… Inanyayahan nila Siyang pumunta.

237 Ganiyan ang ginagawa natin. Inaanyayahan natin Siyang pumunta sa ating mga pagtitipon, ngunit pagdating natin ay ikinahihiya natin Siya. "Oh, hindi ako magsasabi, 'Purihin ang Panginoon.' Oh, hindi, naroon si Sister Jones, iisipin nilang isa akong holy-roller." Ikaw na ipokrito. Tama. "Natatakot akong makapagsalita ng iba't-ibang wika at tawagin nila akong isang lalaking madaldal." Isa kang kahabag-habag na nilalang.

238 Ngayon, tandaan, nangyayari ito ngayon. Nakita n'yo? At ika'y maralita, aba, dukha, hubad, at bulag, at hindi mo nalalaman.



111 Ngayon, nakita nating una Niyang ipinamalas ang Kaniyang Pagkadiyos dito mismo, "Ako ang Makapangyarihan sa lahat. Ako ang Ngayon, ang Nakaraan, at ang Darating, ang Makapangyarihan sa lahat," sa iglesia ng Efeso: sinabi ito ng tatlong ulit. Tama ba? Dumating Siya sa Laodicea at nagsabi, "Ako ang Amen. Ako ang una sa panahong ito, Ako ang Huli dito sa panahong ito. At Ako ang pasimula ng paglalang ng Diyos. Sa kapanahunan ng mga iglesia na mayroon tayo, matutuklasan n'yo na Ako ang Diyos, Diyos na nilalang sa anyong tao. Ako ang pasimula ng paglalang ng Diyos." Amen.

112 Mapapasigaw nito ang isang Presbyterian. Isipin n'yo ito. "Pasimula ng paglalang ng Diyos . . ." Ngayon, Ako'y . . . Oh, gusto ko iyan, ang paglalang ng Diyos, nang lalangin ang Diyos, nang gawing laman ang Diyos kay Jesus Cristo at manahan sa kalagitnaan natin.

113 Ngayon, ngayon, ang kasunod na talata ay magiging, sa ibang mga iglesia, ay papuri, ngunit hindi Niya pinuri ang iglesiang ito. May hinaing Siya laban dito, hindi papuri. Wala Siyang anumang papuri rito, sa kapanahunan ng Laodicea. Sa lahat ng Liwanag na mayroon sila at tumalikod dito, hindi sila dapat papurihan. Uh-huh. Kailangan nila ng saway, at ito ang nakuha nila. May hinaing Siya sa iglesiang ito, hindi papuri.

114 Ngayon, babasahin ko ang ika15 at ika16 na talata rito ngayon.

Nalalaman ko ang iyong mga gawa,… na ikaw ay hindi malamig mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. (Sa ibang salita, "Huwag kang maging malahininga.")

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi malamig o mainit man, ay isusuka kita sa aking bibig. (Um.)

115 At tinuruang… Iyan ba'y isang papuri? Iya'y isang pagsaway sa masamang kapanahunang ito ng Laodicea, ang pinakamasama sa lahat ng iglesia. Lahat sila'y nasa ilalim ng mga pagpapahirap at lahat na, wala silang taglay na anuman; sila'y mga maralita, nagsilakad na paroo't parito na may mga balat ng tupa't mga kambing, na mga salat, at pinaglalagari at sinunog hanggang sa mamatay, at pinakain sa mga leon, at lahat ng iba pa, at nanatiling nanghahawakan sa pananampalataya. At ang pangkat na ito ay mayaman at hindi nangangailangan ng anuman, at lahat ng iba pa, at isang patutot. Tama.

116 Ngayon, mayroon tayong dakilang aralin dito na inaasahan kong tutulungan tayo ng Panginoon. Sinabi Niya, "sapagka't ikaw ay hindi malamig o mainit man, malahininga…"

117 Tulad ng gatas… Kita n'yo? Ang isang malamig na gatas ay mainam. Hindi ba? Ang mainit na gatas ay mabuti para sa inyo. Ngunit masusuka ka sa maligamgam na gatas.

118 Natatandaan ko na isang gabi ay nagkasakit ako roon sa ilog, mga dalawampu't limang taon na ang nakakalipas. Naroon ako sa isang munting balsa, doon ako nakatira. Nagkasakit ako, at dumating sila, ang bayaw ko upang dalhin ako kay Dr. Isler. Aniya, "Anu'ng nangyari?"

119 Ika ko, "Sumasakit ng husto ang sikmura ko."

120 Aniya, "Uminom ka ng isang basong mainit na gatas." Oh, kapatid. Nagkasakit ako dahil sa maligamgam na gatas, kaya nilinis ko lahat ng nasa loob nito.

121 Ngayon, sinabi ng Diyos, "Mas gusto Ko sanang ikaw ay mainit, tunay na nag-aalab, o sobrang lamig, maging isa sa dalawang iyun. Huwag kang maging mala-hininga, dahil nagkakasakit Ako dahil sa inyo." Iyan ang ginawa ng kapanahunan ng iglesiang ito sa Diyos, binigyan Siya ng sakit. Kita n'yo? "Kayo'y maging… Huwag kayong maging tila mainit… Maging tunay na mainit kayo o huwag kayong maging maligamgam. Mainit o maalab…dahil nasusuka Ako sa inyo."

122 Ang kalamigan ng iglesiang Anglican sa mga araw ni John Wesley ang nagtulak sa kaniya upang magdaos ng gawain saan mang dako, dahil sila'y malamig, matamlay.

123 Ang kalamigan ng iglesiang Methodist ang nagtulak kay William Booth upang maging maalab na tangapangaral ng kaligtasan. Kita n'yo, sinabi ng Diyos, "Kung hindi ka lalapit at magsisisi, aalisin Ko ang kandelero. Kukunin Ko ito, at ibibigay Ko sa iba." Kaya nang hindi tinanggap ng iglesiang Methodist ang pagpapakabanal ni John Wesley, lumitaw si William Booth na dala ang Salvation Army at ito'y tinanggap.

124 Tama. Bakit? Inorganisa nila ito (Tamang-tama iyan.), gumawa ng organisasyon mula rito, at sinabi ng Diyos, "kinapopootan Ko ang bagay na'yan."

125 Kaya lumitaw si William Booth at ang Salvation Army at dinampot ito, at anu'ng ginawa niya pagkatapos?

126 Ang kaparehong bagay, pumihit at muli itong inorganisa. Pagkatapos niya'y dumating ang Campbellites, at nananitili sila sandali; at pagkatapos ay si John Smith kasama ang mga Baptists; at pagkatapos niya ay dumating ang Nazarenes; at pagkatapos ng Nazarenes ay dumating ang Pentecostes.

127 Anu'ng ginawa ng Nazarenes? Iniayos ang kanilang samahan sa ganoon ding kaparaanan, at nagtatag ng denominasyon mula rito.

128 Anong dumating nu'ng panahong iyon? Dalawang mumunting sanga, ang Church of God at iba pa, na tumubo mula rito. Anu'ng ginawa nila? Nag-



Niyang iligtas ang kanilang mga kaluluwa. Ito ang pinaka kaawa-awang larawan na nakita ko sa buhay ko, sa palagay ko.

227 Inihiwalay, sa ano Siya inihiwalay? Ngayon, makinig kayo, mga kaibigan. Kung hindi ba naman kapansin-pansin ito. Tignan n'yo ang larawan; maikintal nawa ito sa inyong puso. Ang ating Manunubos, nang Siya'y nasa lupa, inihiwalay Siya sa Kaniyang sariling bayan. Siya'y tinanggihan; inihiwalay Siya. Inihiwalay siya ng mundo at Siya'y ipinako sa krus. At ngayon, sa Kaniyang sariling iglesia, Siya'y inihiwalay. Hindi Siya gusto kahit saan man: hindi Siya kailangan. May denominasyon sila; kaya hindi nila Siya kailangan. Mayroon silang papa, bakit pa nila Siya kakailanganin? Mayroon silang arsobispo, at general overseer, hindi na nila kailangan ang Espiritu Santo. Hindi na nila Iyon kailangan. Si Cristo, ang Espiritu Santo, hindi nila Siya kailangan. Kaya ang kanilang . . .

228 Hindi ako naniniwalang nanawa na sila kaya itinaboy nila Siya, dahil hindi nila Siya naiwala. Hindi nila Siya naiwala, dahil umaawit pa rin sila ng mga awit para sa Kaniya; nangungusap pa rin ang mangangaral tungkol sa Kaniya, kaya hindi nila Siya naiwala. Ngunit ang kanilang pagiging makamundo at ang kanilang organisasyon, ito'y nag-oorganisa at nagsasabing, "Ang araw ng mga himala ay tapos na at walang bagay na ganito at ganiyan."…

229 Tatanungin ko kayo. Bawat revival na dumating, kahit sino sa inyo na mga mananalaysay… Ngayon, hanggang dito, ang mga iglesiang ito, bawat revival na dumating, palagi itong galing sa labas ng isang organisasyon. Lahat ng lalaking nagpasimula ng revival ay galing sa labas ng mga organisasyon. At sa bawat pagkakataong nagsisimula ang revival, may mga tanda at mga himala ng pagsasalita ng iba't-ibang wika at mga pagpapagaling, at iba pang gaya niyan, ang nagaganap. Pagkamatay na pagkamatay ng nagtatag nito, ino-organisa nila ito, at gumagawa ng organisasyon mula rito, at nangamamatay, at hindi na nakipag-ugnayan pa ang Diyos sa kanila kailanman. Taman-tama iyan.

230 At narito Siya sa huling kapanahunan ng iglesia, nakatayo sa labas ng pintuan, ang Makapangyarihang Diyos. Nasasaktan ang puso ko kapag naiisip ko iyan, nakatayo ang aking Panginoon sa labas ng pintuan ng Kaniyang sariling iglesia, matapos na maitulak ng kamunduhan, kalamigan, denomionasyon, at kawalan ng pakialam, nakatayo sa labas ng pintuan, kumakatok, nagsisikap na makapasok. Nang maisip ko iyan kanina, yumuko lang ako sa aking mesa, at nagpasimulang umiyak. At naisip ko…

231 Palagi kong naiisip, nang naroon si Jesus sa bahay ng isang Fariseo, walang sinumang pumapansin sa Kaniya, bagama't marumi ang Kaniyang paa. Hindi nila Siya sinalubong sa pintuan at hinugasan ang Kaniyang paa at

223 Ngayon, palagay ko'y ating… Kunin natin ang ika-19 na talata ngayon. Palagay ko'y nasa ika-20 talata na tayo, sa abot ng nakikita ko. Oo, tama, at magtatapos na tayo rito. Ngayon, maging tahimik kayo ngayon at makinig habang ginagawa natin ito. Makinig:

*Narito, ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok. Kung ang sinuman ay duminig ng aking tinig, at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya… at hahapong kasalo niya at at siya'y kasalo ko.*

*Ang magtagumpay ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.*

*Ang may pakinig, ay making sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.*

224 Ito ang isa sa pinaka natatanging mga paglalahad na nakita ko sa Bagong Tipan. Gusto kong pansinin ninyo, "Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok." Ito'y ginagamit na pangkalahatan, isang sipi para sa panawagan sa mga makasalanan. Tama ba? Sinasabi natin sa mga makasalanan, "Si Jesus ay nasa pintuan, at kumakatok." Ngunit dito Siya'y kumakatok sa pintuan ng iglesia dahil minsan Siyang lumakad na kasama nila, ngunit sila dahil sa kanilang organisasyon at pagiging maka-sanlibutan at kalamigan ay naisantabi Siya. Nasa labas Siya ng iglesia.

225 Ngayon, tandaan, sa unang mga kapanahunan ng iglesia, habang papatapos na tayo, lumalakad Siya sa pitong kandelerong ginto (Tama ba?), ang pitong kapanahunan ng iglesia. At dito sa dulo, nakita natin Siyang nasa labas ng anong iglesia? Ang Laodicea, ang iglesiang Laodicea. Nasa labas, isinantabi nila Siya. Aba'y, nakatayo Siya sa labas at nagsisikap na muling makapasok. Nakakaawang larawan, ang Tagapagligtas ng sanlibutan, nakatayo sa labas ng iglesiang binayaran Niya ng Kaniyang sariling Dugo. Kahiya-hiya sila.

226 "Ako'y nakatayo sa pintuan at kumakatok." Matapos na maitulak o mapaalis, nagsisikap Siyang makapasok, gumagapang at kumakatok sa pintuan. Ito ang pinaka kapansin-pansing tala sa Bagong Tipan. Palagay ko'y wala ng mas lulungkot pa kaysa rito, ang makita ang Manunubos ng mundo na itinaboy sa Kaniyang sariling iglesia, ang kapanahunan ng Laodicea. Matapos Niyang sabihin sa kanila ang kanilang ginawa, ang kanilang mga kayamanan at lahat na, at kung ano sila, at kung paanong sila'y mala-hininga at iba pa, at sila'y—sila'y may—sila'y… Hindi na Niya kailangang isuka sila; sila ang nagsuka sa Kaniya. At dito, sa kabila ng lahat ng iyon, kumakatok pa rin sa pintuan, nagsisiskap na makapasok. Para ano? Upang bigyan sila ng Buhay na Walang Hanggan. Ang mga pumatay sa Kaniya sa Kalbaryo, sinisikap



organisa; at hinayaan silang magpatuloy. Pagkatapos nito'y dumating ang mga Pentecostal na may biyaya ng huling ulan, anu'ng ginawa nila? Nag-organisa, kaya hinayaan Niya sila. Tama.

129 Ngayon, paparating na tayo rito sa dulo; makikita n'yo ang ilang bagay na sadyang matitigas sa loob ng ilang sandali. Sige.

130. Sige, nais Niyang maging maalab kayo o maging sobrang lamig: isa sa dalawa. Huwag kayong maging mala-hininga. Huwag kayong umastang nasa inyo ang mga bagay na wala naman kayo; na maging nag-aalab kayo para sa Diyos o bumalik kayo sa organisasyon. Huwag kayong maging mala-hininga.

131 Katulad din iyan ngayon. Ganyan din ang nangyari sa mga iglesia rito. Nais Niyang maging mainit kayo o maging malamig. Ayaw Niya ng mala-hininga. Diyan napunta ang Pentecost, sa isang mala-hiningang kundisyon. Tumutugtog sila ng piano paminsan-minsan, at ilang mga tambol, at pumapalo ng konti; at nagkakaroon ng konting kantahan, at tatayo ang isa at alam n'yo na, tila magsasabi ng, "Purihin ang Panginoon. Alleluiah." Uh-huh. At bumabagal ang tugtugan, Uh,uh,uh," iyun nayun. Ay, naku, napapasakit nito ang sikmura ng Diyos. Tama.

132 Walang masyadong nagaganap doon, na gaya ng isang maalab na revival na nangyayari sa kanila, ngunit marami silang mekanikal na makinarya sa iglesiang ito (Nakita n'yo?), dahil mayaman sila, ay, naku, nagsasama-sama sila at gumnagawa ng malalaking pagtitipon at lahat na. Nagkakaroon sila ng mainam na panahon sa ioglesiang ito; tama iyan; ngunit lahat ito'y mekanikal na makinarya. Ngunit hindi iyan ang init ng Espiritu Santo. Kita n'yo?

133 Tignan n'yo rito kung ano ang sinabi Niya rito, tignan n'yo:

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit.

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, . . . at hindi malamig o mainit man, ay isusuka kita sa aking bibig. (Kita n'yo?)

134 Ngayon, sinabi Niya, "Ibig Ko sanang ikaw ay malamig o mainit. At dahil hindi ka gayon, kailangan kitang ihiwalay sa Akin, iyun lang, isusuka Kita mula sa Aking bibig."

135 Ngayon, marami silang salapi, mayroon silang malalaking gusali; may mga malalaking bagay na nagaganap sa kanila; ngunit wala silang init na galing sa Espiritu Santo. Oh, mayroon silang makinarya, isang pamunuan. Ay, naku. Mayroon silang nagkakaisang iglesia. Oh, mayroon silang pinakamalalaking gusali, at mga bagay na nagaganap, ngunit walang Espiritu Santo. Kita n'yo? Iyon ang isinugo ng Diyos sa iglesia, ang Espiritu Santo,

Ngayon, habang nagpapatuloy tayo dito sa ika-16 na talata . . .

136 Mayroon sila ng lahat ng uri ng mga komite. "Oh, mayroon kaming dakilang pamunuan niyan. Ang old ladies aid society, at ang young men's pinochle game, at ang larong bunco sa Biyernes ng gabi, at larong basketball sa Linggo ng hapon, at, oh, ng larong baseball sa ganito at ganyan. At, oh, mayroon kaming men's chattering society. At, oh, mayroon kami ng lahat ng mga bagay."

137 Sinasabi ko sa inyo; punong-puno siya, mga sosyedad, at mga klab, at "beetings," at lahat ng iba pa, ngunit walang init ng Espiritu Santo. Kita n'yo, mayroon kayong isang malaking pamunuan, ngunit wala kayong anuman diyan na maaring magpainit. Nagpapainit kayo sa mundo ngunit hindi sa Diyos; iyan ang dahilan na sila'y mala-hininga.

138 Oh, may mas marami kang kasapi kaysa dati. "Tama iyon. Aba'y, mayroon kaming isang milyon pa sa '44," sabi ng Baptists. Ngunit ano ang taglay mo? Isang malaking makinarya.

139 Doon mismo sa iglesiang kinaringgan ko ng gayong pangungusap, kailangan nilang magpahinga ng labinlimang minuto para bigyang daan ang pastor upang lumabas, kasama ang lahat ng mga diyakuno at lahat sila, upang makapanigarilyo, at pagkatapos ay muling babalik. Kita n'yo? Hayan ka. Malinaw na kinukondena ng Biblia ang bagay na iyan. "Kapag dinumihan n'yo ang katawang ito…"

140 Kinukondena ito ng mga doctor at sinasabing puno ito ng kanser. At nagpapa-anunsyo sila sa radio at sinasabi, "Ang panala ng taong nag-iisip."

141 Gaya ng sabi ni Billy Graham, "Isa siyang mangmang para mag-isip ng gayon sa simula pa lang." Kaya…

142 "Panala ng taong nag-iisip," ang isang taong nag-iisip ay hindi kailanman maninigarilyo. Tama. Kailangan mong mag-isip ulit. Ngunit sinasabi niya sa mga kababaihan na kaya kang mapapayat nito, alam n'yo na, para makapagsuot ka ng mga bagong damit na mayroon sila. Oh, bumenta ito. Mas maraming babae ang naninigarilyo ngayon kaysa mga lalaki, at makakapanigarilyo ang isang babae ng tatlong sigarilyo kumpara sa isa ng isang lalaki.

Tamang-tama iyan, dahil gusto niyang pumayat. Hindi niya napag-uunawa na iyan ay TB at kanser at bagay na magiging dahilan niyon, nasa isang batang anyo lang, pumapasok sa kaniya, kinakain siya na gaya niyan, at pinapatay siya. Walang anumang bagay na maidudulot ito kundi kasamaan. Tama. Kita n'yo? Ngunit ito'y--ito'y isang panala ng taong nag-iisip." Ay, naku.



ngayon, kung manamit ng sexy ang babae at iprisinta ang kaniyang sarili sa harap ng isang lalaki, sinong dapat managot? Ang babae; siya ang may gawa nito. Tamang-tama iyan.

218 Ngayon, maaaring sing-dalisay ka ng isang lirio sa iyong asawang lalaki. Maaaring ikaw ay isang dalagita na walang ginawang anumang mali sa buhay mo, isang birhen nang makasal ka sa asawa mo. Ngunit kung mananamit kang tulad niyan at maging dahilan ng pagtingin sa iyo ng mga lalaki, siya'y nagkasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso kasama ka.

Tumingin sa'yo ang makasalanang iyon. Bilang isang Cristiano'y maaari kang magkaroon ng pinakamainam na tabas ng damit sa siyudad, pinakaminam na mga lana, ngunit hindi marapat sa isang banal ng Diyos ang manamit ng tulad niyon.

219 [May patlang sa tape—Ed.] Oh, siyanga, hindi marapat sa anak ng Diyos…

220 "Oh, hndi," sasabihin nila. Buweno, sasabihin nila, "Ang aming simbahan ay…" Mainam ba ang kasuotan mo? Sasabihin nilang oo. Sila'y mayaman, hindi nangangailangan ng anuman. Totoo. Aba'y, sabi nila, "Maging ang pastor namin ay lumalakad ng may malaking kasuotan. Lahat ng choir ay lumalakad ng may malalaking kasuotan." At nagtatago ang diyablo sa ilalaim nito. Uh-huh. Uh-huh, tama. Oh. Um. Buweno, mainam na huwag ko na lang ding sabihin ang isang iyan, kaya…? . . . Sige.

221 Oh, lahat ng mga malalaking bagay na ito, nararamtang mga choir, bayaring mga choir, kailangan silang bayaran para umawit. Kailangang bigyan ng malaki ang mangangaral o pupunta siya sa ibang simbahan na magbabayad sa kaniya ng mas malaki. Ipatatawag niya ng sama-sama ang lupon ng mga trustee at sasabihing, "Ngayon, mga kapatid, ako'y—ako'y… Naging mabait kayo sa akin dito; binibigyan n'yo ako ng kung ilang daang dolyar linggo-linggo," o anumang tulad niyan. "Ngunit ang ibang simbahan ng Presbyterian Pres… (tinatawag na "Pentecostal" o anuman ito) sa malapit dito, nangako sila sa akin na bibigyan nila ako ng mas malaki." Ay, naku.

222 At anu'ng mayroon ang isang mahirap na banal? Anong pagkakataon mayroon sila? Anong pagkakataon mayroon ang isang mahirap at munting iglesia na pusos ng Espiritu Santo? Wala silang pambayad sa gayong bagay.

Kaya nagpapalitaw ng isang bagay sa inyo ang Panginoon (Amen.) Siya mismo ang pumili, pinupuspos ng Espiritu Santo, at inilagay siya rito bilang general overseer. Isinusugo… Sinabi Niya, "Ipinapayo Ko sa iyo na lumapit ka at bumili ng mapuputing damit mula sa kaniya." Sinabi ng Biblia, "Ang mga puting damit ay ang mga katuwiran ng mga banal."

207 Pamahid sa mata, buksan n'yo ang inyong mga mata upang makalingon tayo at makita kung saan ito galing. Nakatingin ka lang kung ano ang iglesia ngayon; lumingon ka at tignan kung saan ito galing, at magpatuloy ka sa Diyos at makalalayo ka rito. Opo.

208 Sige, napansin ko ang isa pang bagay, aniya, "Sila'y hubad, at hindi ito nalalaman. Tama.

209 Oh, hubad at hindi nalalaman? Ngayon, ang taong iyon ay nasa miserableng kalagayan. Kung ang isang tao ay aba, bulag, maralita, hubad, ngayon, kung alam niya ito, matutulungan niya ang kaniyang sarili; ngunit kung hindi niya ito alam, ang kawawang tao ay wala sa katinuan. Tama ba? Whew. Medyo matigas iyan. Wala sa katinuan, wala siyang sapat na kaalaman upang matulungan ang kaniyang sarili.

210 Kung makakita ka ng isang taong naglalakad sa kalye, mahirap, maralita, bulag, aba, at hubad, at sinabi mong, "Kapatid, hubad ka." Oh, talaga? Oh, oh, kapatid, tulungan mo ako; tulungan mo akong magkaroon ng damit."

211 Ngunit lumapit ka sa kanila at "Sabihin mo, tinanggap mo na ba ang Espiritu Santo nang manampalataya ka?"

212 "Ano ka ba, isang holy-roller? Buweno, sasabihin niya, anu'ng ibig mong sabihin? Huwag mo akong kausapin ng ganiyan; Ako'y Presbyterian; Ako'y Baptist; galing ako sa ganito at sa ganiyan.."

213 Hubad at hindi ito nalalaman. Ngayon, hindi ako ang maysabi niyan. Sinabi iyan ng Biblia sa panahong ito, "Hubad at hindi ito nalalaman. Halika, bumili ka ng ilang damit sa Akin," Aniya, "puting damit." Ang puting damit ay para sa mga banal; ito ang katuwiran ng mga banal. Kita n'yo?

214 Hubad ? Oh, totoo. Opo. Oh, sasabihin mo, "Brother Branham, hindi ang iglesia namin; ito ang pinakamagandang simbahan sa siyudad." Hindi ko pinagdududahan iyan; ang pinakabagong mga kasuotan, pinakamainam na materyales na sinusuot ng pinakabagong mga artista ng Hollywood, napaka-sexy na natatawag ang pansin ng bawat lalaking nasa kalsada. Uh-huh. Aba'y, totoo.

215 Isang babae ang nagsabi sa akin, aniya, "Brother Branham, ibig mong sabihin sa akin? Ngayon, binili namin ang mga damit na ito sa tindahan at iyon lang ang mabibili mo."

216 Sabi ko, "Nagbebenta pa rin sila ng mga tela at gumagawa ng makinang panahi. Hindi iyan magandang dahilan para diyan."

217 Sinabi ng Biblia, "Sinumang tumingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkakasala ng pangangalunyang kasama niya." Tama ba iyan? Buweno,



143 "Hindi. Hindi. Hindi," sasabihin mo, "ngunit mayroon kaming… Brother Branham , sinasalungat ko iyan. Mayroon kaming malalaking mga pagtitipon. Tignan mo kung anu'ng mayroon si Billy Graham sa buong bansa." Oh, tama, isang malaking pamunuan, mga upahang evangelista, at mga bayarang namumuno sa pag-awit.

144 Oo, inuupahan nila ang mga evangelista. "Buweno, magkano ang ibabayad mo sakin kung sasama ako diyan sa pagdaraos ng revival? Buweno, kung hindi mo kayang makalikom ng libo-libong dolyares, hindi ako sasama. Tama. At sino ang kukunin mo para mamuno sa pag-aawitan? Sige, humayo ka at upahan mo si ganito at ganyan, magaling siyang solohista. Upahan mo siya upang… Kaya niyang mapalapit ang kalahati ng aking tagapakinig."

145 Bayaring mga solohista, bayaring mga evangelista, aba'y, dumating sa punto na ang pagliligtas ng kaluluwa ay naging isang negosyo. Ang pagliligtas ng kaluluwa ay hindi isang negosyo ng iglesia; ito ang kapangyarihan ng Espiritu Santo sa iglesia. Ang pagliligtas ng kaluluwa ay sa Diyos; hindi mo ito mabibili ng salapi. Hindi po. Hindi… Lahat ng ito ay, mga gawa, mga gawa, mga gawa, mga bayaring evangelista, mga bayaring namumuno sa pag-awit, lahat ng iba pa. Ayaw ng Diyos ng ganiyan; lahat ito'y mg gawa. Ayaw ng Diyos ng mga gawa; ibig Niyang ang Espiritu Santo ang gumawa sa inyo. Tama.

146 Sinabi ng ika-17 talata.

Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman,… nagkamit ng kayamanan at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ay aba,… (Oh.)… hindi mo nalalamang ikaw ay aba,… maralita,… dukha,… bulag, at hubad: (Um,um.)

147 Inakala nilang sila'y mayaman, itong mga Pentecostal sa huling kapanahunan ng iglesia. Inakala nilang… At sa panlabas ay mayaman sila. Opo. Mayaman sila. Isipin n'yo ang iglesia, dati-rati'y nakatayo lang sila sa kanto ilang taon ang nakakalipas, ipinagtatabuyan magkabi-kabila, pinahihirapan. Ngunit ngayon mayroon silang pinakamalalaking gusali.

148 Nakita n'yo kung saan ang mga Assemblies of God na narito, dati'y nasa mga ordinaryong gusaling kahoy sila, tulad ng sa atin ngayon, at ngayo'y nagpapatayo na sia ng gusaling nagkakahalaga ng anim na milyong dolyar, at sinasabi nilang alapit nang dumating si Jesus. Ang mga gaa mo ang nagpapatunay na hndi mo pinaniniwalaan iyan.

Kaipokrituhan, nagtatayo ng mga gusaling milyong dolyar ang halaga at mga bagay na tulad niyan at magsasabing, "Malapit nang dumating si Jesus. At ni walang sapatos ang mga kawawang misyonerong humahayo, mga tunay na

misyonerong may takot sa Diyos, walang mga sapatos, at nabubuhay sa dalawang rasyon ng bigas sa loob ng isang lingo; dalawang beses lang kumakain sa loob ng isang lingo para maihatid ang Evangelio sa mga kagubatan at mga bagy na gaya niyan, upang madala sa kanilang mga kapatid. At nagsisipagtayo tayo ng anim na milyong dolyar na mga gusali, at ang simbahan na may malaki, at mga bintanang salamin, at lahat na, at doon nila inilalagak. Oh, napakaraming mong salapi hanggang minsa'y may asosasyong nagpapautang doon mismo sa kanilang mga simbahan. Tama.

149 May doktor sila roon para suriin ang kanilang mga ebanghelista o ang kanilang mga misyonero… Kapag may sinumang gustong humayo, pinasusuri nila siya sa isang doktor upang makita kung siya'y—o psychiatrist, upang malaman kung siya'y—oh, kung tama ang kaniyang IQ. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo ang sumusuri niyan; hindi mo kailangan ng isang psychiatrist.

150 "Ngunit kami'y mayaman at hindi nangangailangan ng anuman." Oh, tama. Marami kang salapi. Sa panlabas, talagang mayaman, may mga malalaking gusali, mga bintanang salamin…

151 At mga mahuhusay na mangangaral. Ay, naku. Naku, sinasabi ko sa inyo; talagang mga mahuhusay silang manalita. Kaya nilang tumayo at magsalita ng magdamag ng walang nasasabi. Kita n'yo? Kapag tumayo sila… mga bagay na hindi nila dapat banggitin ang ibig kong sabihin. Nakita n'yo? Tumatayo sila, at ilan sa mga bagay na ito, at mangungusap ng tungkol sa munting ganito at ganyan at itong si ganito at ganyan. At alam n'yo kung papaano ito. Mga bayaring manganganta… Tama. Sige. Ngunit tumatayo sila sa pulpito, mahuhusay na mangangaral. Kapag hindi sila nakasuot ng ternong tuksedo na may nakabaliktad na kuwelyo, at isang uri ng amerikanang sutana, aba'y, hiyang-hiya ang kanilang kongregasyon.

152 At nagsisitayo ang mga mangangantang iyon doon, ang mga kababaihang iyon, may maiikling buhok na gaya ni Jezebel, sapat ang pintura sa kanilang mukha upang mapintahan ang isang kamalig. Pagkatapos nilang mahubad ang kanilang mga bata (robe), nagsusuot sila ng shorts at mga kasuotang pang-lalaki, at sinabi ng Bibliang, "Kapag nagsuot ang isang babae ng kasuotang para sa lalaki, ito'y kasuklam-suklam sa Kaniyang paningin." Lumalakad sa kalsada na nakataas ang ilong, ilulunod sila nito kapag umulan: mga mayayabang, arogante, mga Jezebel na mainitin ang mga ulo. Iyan ang dahilan na wala tayong revival; isang malaking piraso ito ng gawa ng makinarya.

153 Oh, marahil ay may tinig kang gaya ng sa arkanghel, at pananagutin ka ng Diyos dahil diyan. Itong mga Elvis Presley at iba pa, at mga Ernie Fords, o



Laodicea, at muli'y nagkaroon kayo ng isang asno. Ang kailangan nati'y… Tama. Hindi nila nalalaman.

Sabihin mo sa kanila ang tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, ang bautismo sa Ngalan ni Jesus; sasabihin nila, "Haw. Haw. Ang pastor ko'y hindi . . . Haw. Haw. Hindi kami naniniwala riyan bilang mga Presbyterian."

Mga ignorante, iyan ang itatawag ninyo sa kaniya. Nguit kayo'y…? . . .

203 Namumuhi ako sa mola. Ngunit sinasabi ko sa inyo; gusto ko ng isang mabait, at maamong kabayo na may lahi. Oh, matuturuan mo siya ng mga bagay. Matuturuan mo siyang yumuko, at mapasa-sirkus, at halos magagawa niya ang ginagawa ng isang tao, dahil siya'y isang… May alam siya. Mayroon siyang lahi. Hindi kilala ng mola kung sino ang kaniyang ama o ina, at wala siyang kakayanang magpalahi. Ganiyan din ang mga matatanda, malalamig, at pormal na mga denominasyon; hindi na sila makababangon muli. Pagpasok na pagpasok ng iglesia sa denominasyon, patay na ito. Hindi na ito babangong muli. Ano ito? Ito'y hybrid.

204 Si Martin Luther ay tama, ngunit ng siya'y mag-organisa, ano ang ginawa niya? Tama ang Methodist, nang mag-organisa siya, anu'ng ginawa niya? Ang Pentecostes ay tama, ngunit nang inorganisa ninyo ito, anong ginawa ninyo? Hinaybrid n'yo ito at inihalo sa Nicolaitang iglesiang Catolico. Iyan ang talagang ginawa ninyo. Kinuha ninyo ang kaniyang paraan ng bautismo, kinuha ninyo ang kaniyang mga gawi at mga kilos, at sinabi ng Biblia, " Ikaw ay anak na babae ng isang patutot, ng isang masamang babae: anak ng patutot." Tamang-tama.

205 Ang isang mainam na kabayong may lahi, oh, maamo siya. Oh, mabait siya; gusto ko siya. Ipinapatong niya ang kaniyang ulo sa iyong balikat, mapagmahal, at mabait. Bakit? Kilala niya ang kaniyang ama; kilala niya ang kaniyang lolo; kilala niya maging ang ama ng kaniyang lolo. Maituturo niya ang kaniyang pinanggalingan; siya'y may lahi.

206 At gusto kong makakita ng isang tunay na Cristianong may lahi, hindi bitbit ang kaniyang mga sulat, Methodist siya noong isang lingo, at Baptist naman ngayong lingo, at Pentecostal sa susunod na lingo, and Pilgrim Holiness sa susunod pang linggo. Hindi niya kilala kung sino ang kaniyang ama o ina. Ngunit sasabihin ko sa inyo: ang isang lalaking ipinanganak ng Espiritu ng Diyos ay maituturo ka pabalik sa araw ng Pentecostes, at sabihin sa iyo; siya'y may lahi, Pentecostal. Amen. Gusto kong maging Pentecostal mula sa aking bumbunan hanggang sa aking talampakan. Hindi denominasyong Pentecostal ang ibig kong sabihin. Ang sinasabi ko'y ang tunay na kapangyarihan ng nabuhay na muling Cristo, ang tunay na pagpapalang Pentecostal.

At maya-maya lang ay makakakita na ako, makakadilat na. Kukuha… Napadilat ito ng sebo ng coon.

198 Sinasabi ko sa inyo; mayroon tayong matinding ihip ng hangin. Kita n'yo? May matinding taglamig na bumalot sa bansa, isang ihip ng hangin na nagsasabi, "Ang mga araw ng mga himala ay tapos na. Wala iyang Espiritu Santo at walang pagsasalita ng iba't-ibang wika. Walang bautismo sa Pangalan ng Panginoong Jesus." At, oh, lahat ng uri ng ihip ng hangin, at nakapagpapapikit ito ng maraming mga mata sa dahil sa ispiritwal na sipon. Kakailanganin ng higit kaysa sebo ng coon upang mapadilat ang kanilang mga mata, kapatid. Kailangan ang sariwang bautismo ng Espiritu Santo…? . . . upang hilutin ang inyong mga mata upang makakita, tanggaling ang pagiging kortabista mula sa inyo para makitang totoo ang Salita ng Diyos. Tama, oh, "Ipinapayo Ko sa'yo na lumapit ka at kumuha ng pamahid sa mata mula sa Akin, para ipanghilot sa iyong mga mata." Kita n'yo? Oh.

199 Ang mga doktor ng teolohiya ay may kani-kaniyang teolohiya, at ng kanilang mga pabango at mga bagay, ngunit higit pa roon ang kailangan nila. Kailangan ang Espiritu Santo upang magbigay ng ispiritwal na pangitain para makitang gumagawa ang makalangit na kapangyarihan.

Ang Espiritu Santo, ang pamahid ng Espiritu Santo. Ang pamahid ay isang matapang na langis; alam natin iyan; at ang Espiritu Santo ay ang Langis ng Diyos.

200 At ang lahat ng mga teolohiya at pabango, "O, mahal na kapatid, tama ka. Walang problema sa… Tama lahat iyan. Ngunit kami ang mayroong pinakamalaking simbahan sa siyudad." Hindi uubra ang pabangong iyan. Hindi. Gagawin ka nitong korta-bista, at magsasabing, "Oo, pinakamalaki ang simbahan namin." Ngunit papaano ang paparating na paghatol kapag papanagutin ka ng Diyos, kayong mga kasapi ng iglesiang Laodicea?

201 Hindi ako nangungusap sa mga naririto, ngunit nasa tape ako at ito'y aabot sa buong mundo (Kita n'yo?), kaya nangungusap ako sa may ilang milyong tao sa oras na ito. Nakita n'yo?

202 Kaya ito nga iyun: Ang mga taga-Laodicea, malaigamgam, mga nangsipanghina, mga korta-bista (nearsighted), di ko alam kung anu'ng itatawag: mga mola. Ang mola ay isang hybrid; sa simula pa'y wala siyang matinong kaisipan. Kapag kinausap mo siya, iaangat lang niya ang kaniyang malalaking tainga, at magsasabing, "Haw. Haw. Haw. Haw." Walang kabaitan sa kaniya. Isa siyang hybrid; nasa pagitan siya ng isang kabayo at isang asno. Iyan ang problema ngayon, pinagsama ninyo ang Nicolaitanes at



anumang tawag nila rito sa may mga magagandang tinig at ginagamit nila para sa diyablo, sinabi ng Diyos, "Hihingin Ko iyan sa kanilang mga kamay."

154 Ang dahilan kaya nirerespeto ko ang bulag na si Fanny Crosby, dahil hindi niya ipinagbili ang kaniyang kaloob sa sanlibutan. Iningatan niya ito para sa Diyos.

155 Marami sa mga taong ito, mahuhusay na mang-aawit, mahuhusay na mga tao, dakilang mga tao, at iba pa, sa halip na gamitin ang kanilang mga talento para sa Diyos, binaluktot sila ng diyablo, at naroon sila't gumagawa para sa kaniya.

Mga personalidad, mga personalidad ng radio at telebisyon, ipinagbibili ang kanilang mga sarili, naroon sila para sa mundo sa halip na ialay ito para sa Diyos. Ilan sa kanila'y nagpupunta sa simbahan, nagpupunta sa simbahan at nagdadamit ng maiinam na kasuotan, tumatayo roon at umaawit na gaya niyan, at pagbalik sa mundo'y umaawit ng rock-and-roll sa susunod na gabi. Mga mang-aawit na kilala natin, kasapi sa ganitong mga simbahan, lumalabas sila't nagpaparetrato, mga retrato sa pelikula, lumalabas sila roon at kumakanta ng rock-and-roll. Ang mga hari ng rock-and-roll, at nag-aangking mga relihiyoso. Ito'y daya ng diyablo.

156 Isang tao ang may sapat—sapat na mabuting sentido komun dito, na nagsabing siya'y magiging isang mangangaral, nagpunta ng Linggo ng umaga at nangaral, at pagkatapos ay bumaba siya roon at nagpunta sa palatuntunan sa radio at umawit ng mga kantang rock-and-roll at lahat na gaya niyan, at pagkaraan noo'y kumuha ng isang baril at nagbaril sa ulo. Iginagalang ko ang taong iyon sa paggawa niyon. Tama. Tama. May mas… May sapat siyang katinuan tulad ng mga baboy; nang pumasok sa kanila ang diyablo tumalon sila sa tubig at nalunod. May ilang mga taong walang ganoong pag-iisip.

157 Alam kong… Ayoko sanang maging ganoon katigas, ngunit, brother, sister, kailangang ipagdiinan ko ang bagay na ito, at magawang maibaon. Amen. Ito ang panahong kinabubuhayan natin. Palagay ko kung tinawag ni Jesus si Herod na matandang sorra, at tinawag sila ni Juan na lahi ng ulupong… Sige.

158 Mayroon silang mga malalaking gusali, mga bintanang salamin, mahuhusay na mangangaral, mga bayaring manganganta. Opo. Anu'ng mayroon sila rito? Anu'ng narito? Walang anumang bagay ng Espiritu Santo. Tumatayo roon at paglabas ay nagsusuot ng shorts, at papasok at aawit sa choir, ikaw na kaawa-awang ipokrito. Opo. Tama.

159 At, ikaw na mangangaral, na pupunta sa isang pagtitipon dahil binibigyan ka nila ng mas malaking halaga kaysa sa naiibigay sa'yo sa ibang lugar. Ikaw

na tampalasan, hindi ka karapat-dapat na tumayo sa pulpito…? . . . Salapi. “Kung hindi kayo makapaglalaan ng mga ilang libong dolyar, buweno, hindi kami darating. Ang aming—aming mga manager at iba pa ay darating, kung magawan n’yo ng paraan ang halagang iyon ay darating kami. Kung hindi ko makuha ang buong kooperasyon ng lahat, hindi ako pupunta. Kung hindi lubusang makikiisa ang lahat, lahat ng mga simbahan, upang magkaroon ako ng maraming pera upang makabayad sa mga utang ko, hindi ako pupunta.”

160 Kapatid, ang isang tunay na lalaki ng Diyos ay hahayo kapag siya’y pinangunahan ng Espiritu Santo, kahit anuman ang…? . . . Kung kailangan niyang kumain ng biskuwit na soda at uminom ng tubig sa lawa. Tama, siya’y tunay na lingkod ng Diyos.

161 Ngunit itinali ng mga tao ang kanilang sarili sa broadcast, sa radyo, sa telebisyon, at lahat ng mga uri ng bagay sa mundo, hanggang sa kailanganin nilang magkaroon ng ganoong uri ng salapi. Tamang-tama iyan. Kita n’yo? Hindi iyan sa Diyos. Sinabi Niya, “Oh, ika’y mayaman, at hindi nangangailangan ng anuman.” Totoo, ngunit wala ka ng talagang bagay na kailangan mo. Tama.

162 Ngunit hindi mo ito nalalaman. Kita n’yo, “Mayaman, hindi nangangailangan ng anuman.” Bayad sa mga bagay na kanilang ginagawa, paglalaro ng baraha. “Oh,” sasabihin mo, “mayroon kaming malaking kongregasyon.” Oh, totoo. Opo. “Pinakamalaking kongregasyon… Aba’y—aba’y, alam n’yo, pumupunta sa simbahan namin ang alkalde ng bayan.” Uh-huh.

Tama. “Aba’y, alam n’yo, si ganito at ganiyan, kapag dumating sila sa bayan, pumupunta sila sa simbahan namin.” Uh-huh. “Mayroon kami ng lahat ng mga kilalang tao sa aming simbahan.”

163 Oo, at hayaan mong ang isang mahirap, abang banal ang pumasok sa simbahan, at sila’y magiging saway sa inyo. Ni ayaw n’yong nariyan sila. Natatakot kang may magsabing “Amen,” habang nangangaral ka.

164 Gaya ng munting babaeng nabasa ko minsan sa isang munting aklat dito; pumasok siya sa isang simbahan. Ang kaniyang mga anak, pinalaki niya sila sa isang makalumang iglesia doon sa kung anong kagubatan na kung saa’y tunay silang makadiyos. Kaya ang… Isang araw ay dumating ang isang binata at pinakasalan ang dalaga, sinabi niyang kasapi siya sa isang simbahan sa labas, alam n’yo na, isa sa malaking simbahan sa kaparehong denominasyon n nasa siyudad. Kaya sinabi niya sa ina na siya’y isang Cristiano. Kaya pinakasalan niya ang anak na babae at kaniyang iniuwi sa kanila.



193 Kita n’yo, nakapagtatakang ang mga doktor na’yun ng dibinidad ay wala nito, hindi ba? Marami silang pabango, at maraming teolohiya. Ngunit kailangan nila ng pamahid sa mata, ang Espiritu Santo ng Diyos, upang hilutin ang kanilang mga mata at magawa nilang makita ang pagdating ng Panginoon, magawa nilang tumingin sa Biblia, at magawang tumingin sa Salita. Alam nila kung paanong magsabi ng “aaaaamen” ng taman-tama. May pabango sila; mayroon sila ng lahat ng pamahid; ngunit kailangan nila ng pamahid sa mata, sabi ng Panginoon. Sabi Niya, “Kailangan mo ng munting pamahid para sa iyong mata, at ito’y mabubuksan.”

194 Dati-rati, noong munting bata pa ako… Nasabi ko na ito, palagay ko; nasabi ko na ito marahil sa iglesia. Naisip ko lang ngayon. Pinalaki ako doon sa mga kabundukan ng Kentucky, at nakatira kami sa isang bahay na kahoy. Ang nanay ko, narinig niya . . . Mayroon kaming maliit na puwesto sa itaas, at mayroon kaming kutsong gawa sa balanggot. At sa ibabaw ng kutsonggawa sa balanggot ay may balahibong kaluban. Hindi ko alam kung alam n’yo kung ano ang balahibong kaluban o hindi o ang balanggot na kama; isang lumang kama, napakahirap namin. May katre sa ibaba si tatay at nanay. At kaya umaakyat kami sa isang maliit na hagdanan at nagpupunta sa taas, at maglalagay si nanay, minsan, ng isang pirasong lona sa ibabaw, upang… Alam n’yo na, makatatayo ka roon at makapagbibilang ng mga bituin sa pagitan ng mga kahoy sa liwanag ng buwan, alam n’yo na, at ang malalaking butas sa bubong na gaya niyon.

195 At kaya kapag nagyelo o anuman, o pumatak ang ulan, sisilong kaming mga bata doon sa lona, alam n’yo na, para hindi kami mabasa. At minsan umiihip ang hangin sa mga butas, sinisipon kami, at nagmumuta ang mga mata namin, alam n’yo na, dahil sa sobrang sipon. At kaya tatawagin kami ni nanay sa umaga para bumaba. Sasabihin ko, “Hindi ako makababa nanay, nagmumuta ang mata ko.” May kung ano ako sa mata, alm n’yo na, muta sa mata. Hindi ako makadilat, alam n’yo na. Nakahiga ang mga bata roon, ako at si Humpy, sinisikap naming idilat ang mga namin at hindi namin magawa, parang mga bulag.

196 Isang maninilo ang lolo ko; naninilo siya ng mga coon, mga raccoon. At iyon ang panggamot namin sa bahay, ang sebo ng coon. Pinakikintab namin ang sapatos sa sebo ng coon. At kung mayroon kang halak, nilalagyan nila ito ng konting agwaras at kailangang mong lunukin ito, para sa may halak.

197 At kung puno ng muta ang mga mata namin, kukunin ito ni nanay… “Sige, sandali lang, anak.” Pupunta siya sa kusina at kukunin ang malaking lalagyan ng sebo ng coon at isasalang iyon, at paiinitin ng husto. At lalapit siya at hihilutin ang mga mata namin (Kita n’yo?), hanggang sa ito’y umigi.

188 Gusto nila ng Espiritu Santo. Oh, sinasabi nila, "May ginto tayo." Ginto iyon, tama, ngunit hindi ang tamang uri. Marami silang ginto ngunit hindi ang tamang uri ng ginto. Ngayon, kaya inutusan sila ni Jesus, "Alam kong mayaman ka, at may ginto, at hindi nangangailangan ng anoman, ngunit . . .

*Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy,…* (kakaibang uri ng ginto, oo, gintong dinalisay sa nagniningas na hurno, na dumaan sa apoy ng kamatayan, na dumaan sa Kalbaryo, lumabas) . . .

189 Marami sa gintong ito na taglay mo ngayon ay mapusyaw; masisira ito; ito'y kakalawangin. Kung mamamarkahan n'yo ito, Santiago . . . Santiago 5:1 hanggang 4, at makikita n'yo kung ano ito, sinasabing, "Magsiparito kayo, kayong mayayaman, ngayon sa pagdating ng Panginoon, kayo'y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaang darating sa inyo, ang inyong mga ginto ay kinakalawang na." Kita n'yo, iyan ang uri ng ginto na kinakalawang.

190 Ngunit ang gintong ibinibigay ni Jesua ay ang Espiritu Santo, ang gintong Langis ng Espiritu, ibinubuhos sa inyong puso. At—at, ay, naku, ipinapayo sa iyo, "Halika, bumili ka sa Aking ng ginto, kung ibig mo; magpayaman ka." Oh, tama.

191 Sila'y mga bulag din. Ngayon, hindi magandang kalagayan iyan. Palagay ko'y hindi bulag ang mga Cristianong ito kundi mga korta-bista (kortabista). Naniniwala akong sila'y mga korta-bista. (nearsighted) Ang tanging bagay lang na kaya nilang makita ay ang kanilang malalaking mga gusali. Ang tanging bagay na nakikita nila ay ang kanilang malaking kongregasyon. Ang tanging bagay na tinigtignan nila ay ang maiinam na choir na may malalaking balabal at lahat na. Palagay ko'y mga korta bista (nearsighted) sila; hindi sila makatingin ng lampas sa kanilang ilong. Palagay ko'y hindi sila bulag, mga korta-bista (nearsighted) lang sila. Ang tanging nakikita nila ay ang kanilang… "Buweno, alam mo ba? Kasapi kami sa ganito at ganyan." Ang kanilang malaking denominasyon, ang kanilang malaking pangkat, maraming miyembro, ang kanilang Sunday school, ang kanilang magandang mga gusali…

192 "Ngunit kailangan nila ng Espiritu Santo," ang sabi ni Jesus. Kailangan nila ng Espiritu Santo. Kaya sinabi ng Panginoon sa kanila, "Ang inyong mga mata, kayo'y . . . Ang sama ng inyong mata, masyado kang korta-bista na wala kang ibang nakikita kundi ang inyong malaking gusali rito at ang inyong malaki't mainam na kongregasyon, at ang alkalde ng bayan at lahat na ay pumapasok sa inyong simabahan, at mayroon kayong mga kilalang tao. At nalimutan ninyo Ako. Ngunit kung ganoon kayo kabulag, at ang mata mo'y makirot, pagbibilhan kita ng pamahid sa mata." Oo.



165 Buweno, sa huli'y naihiwalay niya siya mula roon sa munting makalumang simbahang nasa kabundukan patungo rito, dito sa malaki at magandang simabahan, magkapareho ng pangalan; ngunit doo'y mayroon silang Espiritu Santo; dito'y wala sila nito. Kaya nang pumasok sila, itong malaki at magandang simbahan…

166 Kaya sabi ng ina, isang araw, bababa siya upang makita ang anak niyang babae. Buweno, iniisip niya kung anu'ng pagtrato nila sa kaniya. Kaya nang bumaba siya para siyang isang bagay na galing sa isang lumang aklat, isa sa kanilang munting damit na hanggang leeg, alam n'yo na, at mahaba ang manggas, at ang buhok niya'y nakapusod, may makinis na mukha na parang sibuyas na binalatan (Binalatan, alam n'yo na). At bumaba siya, at nagsabi, "Aba, alleluia, anak. Kumusta na kayo?"

Aba, aniya, "Linggo ng umaga ngayon." Aniya, "Pupunta kayo sa gawain, hindi ba?"

167 Sinabi ng asawang lalaki, "Anu'ng gagawin natin sa kaniya?" Kita n'yo? Aniya, "Hindi natin siya maisasama doon na ganyan ang ayos niya." At sabi niya, "Aba, hindi ko alam kung anu'ng gagawin ko." Buweno, sabi niya, "Nanay, gusto kong sabihin na, kami'y…"

168 "Oh," aniya, "ngunit anak, hindi puwedeng hindi ako sumamba. Siguro nama'y may simbahan sa palibot dito."

169 "Oh," kaniyang… Sinabi niya… Aniya, "May nakita akong isa sa kanto roon, pupuntahan ko."

At aniya, "Oh, buweno, pupunta tayo."

170 Kaya nang umalis sila, hinayaan nilang mauna siya, ikinahihiya nila siya. Narito siya't naglalakad sa kalsada na may munting palda, alam n'yo, at may kipkip na Bibliya. Ngunit, kapatid, maaaring wala ang pangalan niya sa "Who's Who," ngunit nakikini-kinita kong nakasulat ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Iyon ang mahalaga.

171 Nang lumakad siya sa simbahan, naupo siya sa may likuran, alam n'yo na, at binuksan ang Biblia, at nagsimula siyang magbasa. At lahat ay nagsimulang luminga, tingin nila'y may kung anu'ng uri ng sinaunang bagay ang dumating galing sa kung saan. Lumilinga na gaya niyan, at "Ay, naku. Habang suot ang kanilang magagandang damit, alam n'yo na, ang tipikal na taga-Laodicea, at kanilang maiinam na kasuotan at lahat na.

Lumingon at nakita ang munting nanay na ito na nakaupo roon, nakangiti, alam n'yo na, at nagbabasa ng Biblia. Opo.

172 At ang pastor, maya-maya pa, pagkatapos nila ng iba pang mga bagay, mayroon na lang siyang mga labinlimang minuto para magsalita. Kaya umakyat siya at nagsabi, "Ang Panginoon ay mabuti."

173 Sinabi niya, "Purihin ang Diyos. Tama iyan. Alleluyah." At lahat ay iniunat ang kanilang mga leeg na gaya ng lalaking gansa, at luminga-linga, "Sino 'yun?"

174 At maya-maya, aniya, "Uhm. Uhm. Uhm. Sinabi niya, "Ang mga Cristiano sa lahat ng kapanahunan ay dapat maging matapang, dakila, at mabuting mga Cristiano," o bagay na tulad niyan.

175 Sinabi niya, "Purihin ang Diyos. Tama." At lahat sila'y lumingon.

176 At siya'y nagsabi, "Uhm," at tumingin sa lupon ng diyakuno.

177 At nagkaroon ng ideya ang lupon ng diyakunong iyon. Tumungo sila sa likuran at binitbit ang babae, at inilabas siya sa pinto, anila, "Ginagambala mo ang pastor."

178 Ikaw ay patay at hindi mo nalalaman. Oo. Oh, anu'ng halaga ng iyong mga bintanang salamin? Ang iyong mga magagandang pelusang upuan? At anu'ng ginagawa ng iyong malaking kongregasyon? Didiretso sila sa impyerno, gaya ng martin sa kaniyang kahon. Dahil kung wala kang Espiritu ng Diyos, mapapahamak ka. Hindi mo makikita ang Kaharian ng Diyos malibang ipanganak kang muli.

179 Mapait iyan. Gaya ng pag-inom ko ng castor oil, ika ko, "Mama, hindi ko iyan matagalan."

180 Aniya, "Kung hindi ito makasakit sa'yo, wala itong buting maidudulot sa'yo." Kaya palagay ko'y gayon din iyan dito.

181 Oh, kung mangungusap ka sa kanila… Oh, malalaki, magagandang mga gusali, t iba pa, oh, sila'y—sila'y—oh, sila'y… Pumunta ka sa kanilang simbahan, at makapagsabi kang… Pumunta ka sa kanilang simbahan at sabihin mo, "Buweno, tatanungin ko kayo; mga Pentecostal ba kayo?"

"Oh, oo. Uh-huh. Tama, mga Pentecostal kami."

"Naniniwala ka ba sa muling kapanganakan?"

"Oo."

"Buweno, may gusto akong ipakita sa'yo . . ."

182 "Oh, tignan mo ang gusaling ito. Alam mo ba kung magkano ang halaga ng gusaling ito? Nagkakahalaga ito ng labindalawang milyong dolyar para maitayo. Alam mo, dati'y wala kaming ganito. Dati-rati'y naroon lang kami sa eskinita." Uh-huh, at pagmasdan mo, makikita mo ang mga dakilang bagay na mayroon sila. Opo. At sasabihin nila, "Oh, mayroon na kami nitong malalaking mga bagay." Ngunit wala silang kabigatan para sa mga ligaw na kaluluwa. Lagi nilang gustong ipakita sa'yo kung gaano karaming gusali mayroon sila.



"Tignan mo ang tala ng aming Sunday school, kung gaano ito kalaki." Anong buti ang magagawa nito kung wala silang Espiritu Santo?

183 "Mayaman, nagkamit ng kayamanan, hindi nangangailangan ng anoman," iyon ang sinabi Niya. "Iniisip mo iyan, ngunit hindi mo nalalaman na ika'y mahirap, maralita, aba, bulag, at hubad. At hindi mo nalalaman." Kita n'yo? Ito 'yun.

184 Oh, totoo, sasabihin nila, "Alam mo ba? Dati kaming… Ang munting simbahang ginagamit dati ay nasa liuran; mas malaki ito ngayon." At sinasabi ko sa inyo, walang kabigatan para sa mga kaluluwa, ngunit tinitiyak nilang lahat ng bagay na ito'y naaasikaso nila. Ang tulong ng mga kababaihan, at lahat itong iba pang mga bagay, lahat ay dapat asikasuhin, ngunit walang kabigatan para sa mga ligaw na kaluluwa. Oh, anong nasadlakan ng iglesiang ito.

185 Wala silang kabigatan para sa mga kaluluwa, ngunit may kabigatan sila para sa kayamanan. Tama. Mali ang kanilang kabigatan. May kabigatan sila para sa kanilang kayamanan ngunit hindi kabigatan para sa mga ligaw na kaluluwa. Sinabi ng Kasulatan, "Hindi nila nalalamang sila'y aba, (Oh.), maralita, at hubad."

186 Iniisip nila na kaya nilang magkamit ng salapi at baguhin ang mundo. "Oh, kung makagagawa lang tayo ng programa, na makakalikom tayo ng salapi, naniniwala akong kaya nating…? . . . baguhin ang mundo. Kung ang ilang mayayamang mga tao sa aming iglesia Brother Branham, kung magagawa naming mahikayat silang magbigay pa, naniniwala akong makapagsisimula tayo ng isang kalipunan na—na hahayo at babaguhin ang mundo. Makapagdadala tayo ng mga eroplano at makapaghuhulog ng mga babasahin sa palibot ng Africa at mga bagay na gaya niyan. Kung mayroon lang tayong maraming salapi . . ."

187 Kapatid, hndi mababago ng salapi ang mundo. Mababago ang mundo sa pamamagitan ng Espiritu Santo, makapangyarihang pangangaral ng Espiritu Santo at ang krus ang tanging bagay na makakapagpabago sa mundo. Hindi pera ang programa ng Diyos. Ito'y ang Espiritu Santo; iyan ang programa ng Diyos para sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea o iba pang kapanahunan ng iglesia. Opo.